



Financial Crimes Enforcement Network
U.S. Department of the Treasury
Washington, D.C. 20220



All entities created in the United States — including those previously known as “domestic reporting companies” — and their beneficial owners are now exempt from the requirement to report beneficial ownership information (BOI) to the Financial Crimes Enforcement Network (FinCEN) under the Corporate Transparency Act (CTA).

FinCEN published an interim final rule on March 26, 2025, that revised the definition of “reporting company” in its regulations implementing the CTA to mean only those entities formed under the law of a foreign country that have registered to do business in any U.S. State or tribal jurisdiction by the filing of a document with a secretary of state or similar office (formerly known as “foreign reporting companies”). FinCEN also formally exempted entities previously known as “domestic reporting companies” from the CTA’s reporting requirements.

Reporting companies now also do not need to report the BOI of any U.S. persons, and U.S. persons are exempt from having to provide BOI with respect to any reporting company for which they are a beneficial owner.

Foreign entities that meet the new definition of a “reporting company” and do not qualify for an exemption from the reporting requirements are required to file with FinCEN under new deadlines:

- Reporting companies registered to do business in the United States before March 26, 2025, must file BOI reports by April 25, 2025.
- Reporting companies registered to do business in the United States on or after March 26, 2025, have 30 calendar days to file an initial BOI report after receiving notice that their registration is effective.

The guidance issued below has not yet been fully updated to account for this new interim final rule. Thus, any guidance here indicating that U.S. companies, or their beneficial owners, must report BOI to FinCEN; that BOI must be reported for U.S. persons; or that reporting companies must report BOI before April 25, 2025, should be disregarded.

Pag-uulat ng Impormasyon tungkol sa Nakikinabang na May-ari Mga Madalas na Itanong

Ang mga FAQ na ito ay para sa pagpapaliwanag lamang at hindi nagdaragdag o nagbabago ng anumang obligasyong iniaatas ng kautusan o regulasyon. Mangyaring sumangguni sa Alituntunin ng Pag-uulat ng Impormasyon tungkol sa Nakikinabang na May-ari at Pag-access sa Impormasyon tungkol sa Nakikinabang na May-ari at Alituntunin sa Mga Pangangalaga, na available sa www.fincen.gov/boi, para sa mga detalye sa mga artikular na probisyon. Inaasahan ng FinCEN na maglathala ng karagdagang gabay sa hinaharap. Maaaring isumite ang mga tanong sa web page ng [Pakikipag-kontak](#) ng FinCEN.

A. Mga Pangkalahatang Tanong

A.1. Ano ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay ang pagtukoy sa impormasyon tungkol sa mga indibidwal na direkta o hindi direktang nagmamay-ari o kumokontrol sa isang kompanya.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

A.2. Bakit kailangang iulat ng mga kompanya ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa U.S. Department of the Treasury?

Noong 2021, ipinasa ng Kongreso ang Corporate Transparency Act na bipartisan ang batayan. Lumilikha ang batas na ito ng bagong kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari bilang bahagi ng mga pagsisikap ng pamahalaan ng Estados Unidos na gawing mas mahirap para sa masasamang tao na magtago o makinabang mula sa mga bagay na nakuha nila sa ilegal na paraan sa pamamagitan ng mga shell company o iba pang hindi malinaw na anyo ng pagmamay-ari.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

A.3. Sa ilalim ng Corporate Transparency Act, sino ang makaka-access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Papahintulutan ng FinCEN ang mga Pangpederal, Pang-estado, panglokal at Pantribong opisyal, gayundin ang ilang banyagang ospiyal na nagsusumite ng kahilingan sa pamamagitan ng ahensiya ng Pederal na pamahalaan ng Estados Unidos, upang makakuha ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari para sa mga awtorisadong aktibidad na may kaugnayan sa pambansang seguridad, pangangalap ng impormasyon at pagpapatupad ng batas. Magkakaroon ang mga pinansyal na institusyon ng access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa ilang partikular na sitwasyon, na may pahintulot ng kompanyang naghahain ng ulat. Ang mga tagapagpatupad ng mga pinansyal na institusyon na iyon ay magkakaroon din ng access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari kapag pinapangasiwaan nila ang mga pinansyal na institusyon.

Inilathala ng FinCEN ang alituntunin na mamamahala sa pag-access sa at pagprotekta sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari noong Disyembre 22, 2023. Itatago ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na iniulat sa FinCEN sa isang ligtas at hindi pampublikong database gamit ang mahigpit na pamamaraan at kontrol sa panseguridad ng impormasyon at na karaniwang ginagamit sa Pederal na pamahalaan upang protektahan ang mga hindi pa nauuri ngunit sensitibong system ng impormasyon sa pinakamataas na antas ng seguridad. Makikipagtulungan ang FinCEN sa mga awtorisado na mag-access ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari upang matiyak na naiintindihan nila ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa paggamit ng iniulat na impormasyon para lamang sa mga awtorisadong layunin at pangangasiwa sa paraang nagpoprotekta sa seguridad at pagiging kumpidensyal nito.

[Na-update noong Enero 4, 2024]

A.4. Paano malalaman ng mga kompanya ang mga kinakailangan sa pag-uulat ng BOI?

Nakikibahagi ang FinCEN sa isang matibay na kampanya ng pagbibigay ng serbisyo at edukasyon upang itaas ang kamalayan ng at tulungan ang mga kompanyang naghahain ng ulat na maunawaan ang mga bagong kinakailangan sa pag-uulat. Kasama sa kampanyang iyon ang virtual at sa person na pagbibigay ng serbisyo na mga kaganapan

at komprehensibong gabay sa iba't ibang format at wika, kabilang ang multimedia content at Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad, pati na rin ang mga bagong channel ng komunikasyon, kabilang ang mga platform ng social media. Nakikibahagi din ang FinCEN sa mga tanggapan ng pamahalaan sa antas ng pederal at estado, mga asosasyon ng maliliit na negosyo at trade, at interest group.

Patuloy na magbibigay ang FinCEN ng gabay, impormasyon, at mga update na nauugnay sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng BOI sa BOI webpage nito, na www.fincen.gov/boi. Mag-subscribe dito para makatanggap ng mga update sa pamamagitan ng email mula sa FinCEN tungkol sa mga obligasyon sa pag-uulat ng BOI.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

A.5. Paano tinukoy ang isang Tribong Indiyano sa ilalim ng Corporate Transparency Act?

Para sa mga layunin ng pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN, ang ibig sabihin ng “Tribong Indiyano” ay anumang tribo, grupo, bansa, pueblo, nayon, o komunidad ng Indian o Katutubong Alaskan na kinikilala ng Secretary of the Interior (Kalihim Panloob) na umiral bilang isang tribong Indian. Kailangang maglathala taun-taon ang Secretary of the Interior (Kalihim Panloob) ng isang listahan ng lahat ng kinikilalang Tribong Indiyano sa Federal Register (<https://www.federalregister.gov/documents/2024/01/08/2024-00109/indian-entities-recognized-by-and-eligible-to-receive-services-from-the-united-states-bureau-of>).

[Inisyu noong Hunyo 10, 2024]

B. Proseso ng Pag-uulat

B.1. Dapat bang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may ari ang aking kompanya ngayon?

Inilunsad ng FinCEN ang BOI E-Filing website para sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari (<https://boiefiling.fincen.gov>) noong Enero 1, 2024.

- Ang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro upang magsagawa ng negosyo bago ang Enero 1, 2024, ay mayroong hanggang Enero 1, 2025, para maghain ng paunang ulat ng BOI nito.
- Ang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro noong 2024 ay mayroong 90 araw ng kalendaryo upang maghain pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso na may bisa ang pagpapatayo o pagpaparehistro nito.
- Ang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro sa o pagkatapos ng Enero 1, 2025, ay mayroong 30 araw ng kalendaryo upang maghain pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso na may bisa ang pagpapatayo o pagpaparehistro nito.

[Na-update noong Enero 4, 2024]

B.2. Kailan ako kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng aking kompanya sa FinCEN?

Ang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro upang magsagawa ng negosyo bago ang Enero 1, 2024, ay mayroong hanggang Enero 1, 2025 para maghain ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito.

Ang isang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito at bago ang Enero 1, 2025, ay mayroong 90 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang abiso ng pagtatayo o pagpaparehistro ng kompanya para maghain ng paunang BOI report nito. Magsisimula ang deadline na 90 araw sa kalendaryo mula sa oras na matanggap ng kompanya ang aktuwal na abiso na ang pagtatayo o pagpaparehistro nito ay may bisa na, o pagkatapos magbigay muna ng pampublikong abiso ang kalihim ng estado o ang katulad na tanggapan tungkol sa pagtatayo o pagpaparehistro nito, alinman ang mas nauna.

Ang mga kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro noong Enero 1, 2025 o pagkalipas nito ay mayroong 30 araw sa kalendaryo mula sa aktuwal o pampublikong abiso na ang pagtatayo o pagpaparehistro ng kompanya ay may bisa na para maghain ng kanilang mga paunang ulat ng BOI sa FinCEN.

[Na-update noong Disyembre 1, 2023]

B.3. Kailan tatanggap ang FinCEN ng mga ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Sisimulan ng FinCEN ang pagtanggap ng ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa Enero 1, 2024. Ang mga ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay hindi tatanggapin bago ang petsang iyon.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

B.4. May babayaran ba sa FinCEN para sa pagsusumite ng ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Wala. Walang babayaran sa FinCEN para sa pagsusumite ng iyong ulat sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

[Na-update noong Enero 4, 2024]

B.5. Paano ko iuulat ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?

Kung kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng iyong kompanya sa FinCEN, magagawa mo iyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng isang ligtas na filing system na available sa BOI E-Filing website ng FinCEN (<https://boiefiling.fincen.gov>).

[Na-update noong Enero 4, 2024]

B.6. Saan ko mahahanap ang form para makapag-ulat?

I-access ang form sa pamamagitan ng pagpunta sa BOI E-Filing website ng FinCEN (<https://boiefiling.fincen.gov>) at piliin ang “Maghain ng BOIR.”

[Na-update noong Enero 4, 2024]

B.7. Kailangan ba para sa isang kompanyang naghahain ng ulat na magkaroon ng abogado o sertipikadong pampublikong accountant (certified public accountant, CPA) upang magsumite sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Hindi. Inaasahan ng FinCEN na kung hindi man lahat, maraming kompanyang naghahain ng ulat ang makakapagsumite sa FinCEN ng kanilang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nang sila mismo gamit ang [gabay](#) ang ibinigay ng FinCEN. Ang mga kompanyang nahahain ng ulat na kailangan ng tulong para matugunan ang kanilang mga obligasyon sa pag-uulat ay puwedeng kumonsulta sa mga tagapagbigay ng propesyonal na serbisyo gaya ng mga abogado o accountant.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

B.8. Sino ang maaaring maghain ng ulat ng BOI para sa isang kompanyang naghahain ng ulat, at anong impormasyon ang kokolektahin sa mga tagapaghain?

Sinuman na pinahihintulutan ng kompanyang naghahain ng ulat na kumilos para dito—gaya ng empleyado, may-ari, o third-party na tagapagbigay ng serbisyo—ay maaaring maghain ng ulat ng BOI para sa kompanyang naghahain ng ulat. Kapag nagsusumite ng ulat ng BOI, dapat handa ang mga indibidwal na tagapaghain na magbigay ng pangunahing impormasyon sa pakikipag-ugnayan tungkol sa kanilang sarili, kasama ang kanilang pangalan at email address o numero ng telepono.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

C. Kompanyang Naghahain ng Ulat


C.1. Anong mga kompanya ang kinakailangang mag-ulat sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari??

Ang mga kompanya na kailangang mag-ulat ay tinatawag na mga kompanyang naghahain ng ulat. May dalawang uri ng kompanyang naghahain ng ulat:

- **Ang mga lokal na kompanyang naghahain ng ulat** ay mga korporasyon, kompanyang may limitadong pananagutan, at anumang iba pang entidad na nabuo sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa kahit anong katulad na tanggapan sa Estados Unidos.
- **Ang mga kompanyang naghahain ng ulat** ay mga entidad (kasama ang mga korporasyon at kompanyang may limitadong pananagutan) na nabuo sa ilalim ng batas ng ibang bansa na nagparehistro upang magnegosyo sa Estados Unidos sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa kahit anong katulad na tanggapan.

Mayroong 23 uri ng entidad na exempted sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Tanong C.2). Maingat na suriin ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado bago ipagpalagay na exempted ang iyong kompanya.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod ng Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN para sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ang mga sumusunod na flowchat para makatulong sa pagtukoy kung ang kompanya ba ay isang kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Kabanata 1.1, “Ang kompanya ko ba ay isang “kompanyang naghahain ng ulat”?”).



[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

C.2. Exempted ba sa kinakailangang pag-uulat ang ilan sa mga kompanya?

Oo, 23 uri ng entidad ang exempted sa mga kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Kasama sa mga entidad na ito ang mga pampublikong traded company na nakakatugon sa mga tinukoy na kinakailangan, maraming nonprofit, at ilang malaking operating company.

Binubuod ng sumusunod na talahanayan ang 23 eksemsyon:

Numero ng Eksemsyon	Maikling Titulo ng Eksemsyon
1	Securities reporting issuer
2	Awtoridad sa pamahalaan
3	Bangko
4	Credit union
5	Holding company na institusyon para sa deposito
6	Negosyong serbisyo sa pera
7	Broker o dealer sa mga security
8	Securities exchange o clearing agency
9	Iba pang nakarehistrong entidad ng Exchange Act
10	Kompanya ng investment o tagapayo para sa investment
11	Venture capital fund adviser
12	Kompanya ng Insurance
13	Insurance producer na lisensyado ng estado
14	Nakarehistrong entidad ng Commodity Exchange Act
15	Accounting firm
16	Pampublikong utility
17	Financial market utility
18	Pooled investment vehicle
19	Entidad na hindi binubuwisan
20	Entidad na tumutulong sa entidad na hindi binubuwisan
21	Malaking operating company
22	Subsidiary ng ilan sa mga exempted na entidad
23	Hindi aktibong entidad

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliit na Entidad](#) ng FinCEN ang talahanayang ito at ang mga checklist sa bawat 23 eksemsyon na maaaring makatulong sa pagtukoy kung nakatutugon ba ang kompanya sa eksemsyon (tingnan ang Kabanata 1.2, “Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?”). Dapat maingat na suriin ng mga kompanya ang pamantayan sa pagiging kwalipikado bago ipagpalagay na exempted sila. Mangyaring tingnan ang mga karagdagang FAQ tungkol sa mga eksemsyon ng kompanyang naghahain ng ulat sa “L. Mga Eksemsyon ng Mga Kompanyang Naghahain ng Ulat (Reporting Company Exemptions)” na nasa ibaba.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

C.3. Ang ilang entidad na korporasyon ba, gaya ng statutory trust, business trust, o foundation, ay mga kompanyang naghahain ng ulat?

Depende. Ang lokal na entidad gaya ng statutory trust, business trust, o foundation ay kompanyang naghahain ng ulat kung itinayo lamang sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan.

Gayundin, ang isang dayuhang entidad ay kompanyang naghahain ng ulat lang kung naghain ito ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang magparehistro para magnegosyo sa Estados Unidos.

Iba-iba ang mga batas ng estado sa kung ang ilang uri ng entidad ba, gaya ng mga trust, ay kailangang maghain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang maitayo o mairehistro.

- Kung nabuo ang trust sa hurisdiksyon ng Estados Unidos na nangangailangan ng ganoong paghahain, kung gayon ay isa itong kompanyang naghahain ng ulat, maliban kung nalalapat ang pagbubukod.

Sa katulad na paraan, hindi lahat ng estado ay inaatasan ang mga dayuhang entidad na magrehistro sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang magnegosyo sa estado.

- Gayunpaman, kung ang isang dayuhang entidad ay naghain ng dokumento sa kalihim ng estado o sa katulad na tanggapan upang magrehistro para makapagnegosyo sa isang estado, at nagawa iyon, isa itong kompanyang naghahain ng ulat, maliban kung nalalapat ang eksemsyon.

Dapat ding isaalang-alang ng mga entidad kung may nalalapat sa kanila na anumang eksemsyon sa mga kinakailangang pag-uulat. Halimbawa, maaaring hindi kailangang mag-ulat ng isang foundation sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari kung ang foundation ay kwalipikado para sa eksemsyon ng entidad na hindi binubuwisan.

Ang Kabanata 1 na [Gabay sa Pagsunod para Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN (“Kailangan bang iulat ng aking kompanya ang mga nakikinabang na may-ari nito?”) ay maaaring tumulong sa mga kompanya sa pagtukoy kung kailangan ba nilang mag-ulat.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

C.4. Itinuturing ba na kompanyang naghahain ng ulat ang isang trust kung nagparehistro ito sa isang hukuman para sa layuning pagtibayin ang hurisdiksyon ng hukuman sa anumang hindi pagkakaunawaan na may kinalaman sa trust?

Hindi. Hindi kompanyang naghahain ng ulat ang isang trust kapag nagparehistro ang isang trust sa hukuman para lamang pagtibayin ang hurisdiksyon ng hukuman sa anumang hindi pagkakaunawaan na may kinalaman sa trust.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

C.5. Natutukoy ba ng aktibidad o kita ng isang kompanya kung isa itong kompanyang naghahain ng ulat?

Minsan. Ang kompanyang naghahain ng ulat ay (1) anumang korporasyon, kompanyang may limitadong pananagutan, o iba pang katulad na entidad na nabuo sa Estados Unidos sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa isang kalihim ng

estado o katulad na tanggapan (kung saan isa itong lokal na kompanyang naghahain ng ulat), o anumang legal na entidad na nakarehistro para magnegosyo sa Estados Unidos sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa isang kalihim ng estado o katulad na tanggapan (kung saan isa itong dayuhang kompanyang naghahain ng ulat), na (2) hindi kwalipikado para sa alinman sa mga eksemsiyon na ibinigay sa ilalim ng Corporate Transparency Act. Ang mga aktibidad at kita ng isang entidad, kasama ang iba pang salik sa ilang sitwasyon, ay maaaring maging kwalipikado para sa isa sa mga eksemsiyon na iyon. Halimbawa, mayroong eksemsiyon para sa ilang hindi aktibong entidad, at isa pa para sa anumang kompanyang nag-ulat ng higit sa \$5 milyon ng kabuuang resibo o benta sa nakaraang taon at nakakatugon sa iba pang pamantayan sa eksemsiyon. Hindi nakikibahagi sa mga passive na aktibidad tulad ng paghawak ng mga propyedad sa pag-upa, bilang halimbawa, ni ang pagiging hindi kumikita nito ang kinakailangang para ma-exempt ang isang entidad mula sa mga iniaatas sa pag-uulat ng BOI.

Nagbibigay ang [Gabay sa Pagsunod sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga eksemsiyon sa Kabanata 1.2, “Hindi ba kasama ang aking kompanya mula sa mga iniaatas sa pag-uulat?”

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

C.6. Ang solong pagmamay-ari ba ay isang kompanyang naghahain ng ulat?

Hindi, maliban kung ginawa ang isang solong pagmamay-ari (o, kung isang solong pagmamay-ari ng dayuhan, na narehistro para magnegosyo) sa Estados Unidos sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan. Ang entidad ay isang kompanyang naghahain ng ulat lamang kung itinayo (o, kung isang dayuhang kompanya, narehistro para magnegosyo) sa Estados Unidos sa pamamagitan ng paghahain ng naturang dokumento. Ang paghahain ng dokumento sa isang ahensya ng pamahalaan para makakuha ng (1) numero ng ID ng employer sa IRS, (2) isang pekeng pangalan ng negosyo, o (3) isang propesyonal o lisensya sa trabaho ay hindi lumilikha ng isang bagong entidad, at samakatuwid, hindi ginagawang isang kompanyang naghahain ng ulat ang isang solong pagmamay-ari na naghahain ng naturang dokumento.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

C.7. Maaari bang ituring na isang kompanyang naghahain ng ulat ang isang kompanyang itinayo o narehistro sa isang teritoryo ng U.S.?

Oo. Bilang karagdagan sa mga kompanya sa 50 estado at sa Distrito ng Columbia, isang kompanya na itinayo o narehistro para magnegosyo sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado ng teritoryo ng U.S. o katulad na tanggapan, at na hindi kwalipikado para sa anumang eksemsiyon sa mga iniaatas sa pag-uulat, ay kinakailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Ang mga teritoryo ng US ay ang Commonwealth ng Puerto Rico, ang Commonwealth ng Northern Mariana Islands, American Samoa, Guam, at ang U.S. Virgin Islands.

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

C. 8. Nalalapat ba ang mga iniaatas sa pag-uulat ng BOI sa mag S-Corporation?

Oo. Ang korporasyon na itinuturing bilang isang pass-through na entidad sa ilalim ng Subchapter S ng Internal Revenue Code (isang “S Corporation” o “S-Corp”) na kwalipikado bilang isang kompanyang naghahain ng ulat—ibig sabihin, na itinayo o narehistro para magnegosyo sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan, at hindi kwalipikado para sa anumang eksemsyon sa mga iniaatas sa pag-uulat—ay dapat sumunod sa mga iniaatas sa pag-uulat. Ang pass-through na istraktura ng S-Corp para sa mga layunin ng buwis ay hindi nakakaapekto sa mga obligasyon sa pag-uulat ng BOI. Sa partikular, ang pass-through na paggamot sa ilalim ng Subchapter S ay hindi kwalipikado para sa isang S-Corp bilang “entidad na hindi binubuwisan” sa ilalim ng mga regulasyon sa pag-uulat ng FinCEN BOI.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

C.9. Kung ang isang lokal na korporasyon o kompanyang may limitadong pananagutan ay hindi itinayo sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan, isa ba itong kompanyang naghahain ng ulat?

Hindi. Habang tinutukoy ng mga regulasyon sa pag-uulat ng BOI ng FinCEN ang isang lokal na kompanyang naghahain ng ulat bilang kabilang ang isang korporasyon o kompanyang may limitadong pananagutan, ang pagsasama ng mga entidad na iyon ay batay sa isang pag-unawa na karaniwang itinayo ang mga lokal na korporasyon at LLC sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan. Sa isang hindi pangkaraniwang sitwasyon kung saan itinayo ang isang lokal na korporasyon o kompanyang may limitadong pananagutan, ngunit hindi sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan, ang naturang entidad ay hindi isang kompanyang naghahain ng ulat.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

C.10. Isa bang kompanyang naghahain ng ulat ang mga asosasyon ng mga may ari ng bahay?

Depende. Maaaring magkaroon ng iba’t ibang anyo ang asosasyon ng mga may-ari ng bahay (homeowners association, HOA). Tulad ng anumang entidad, kung hindi itinayo ang isang HOA sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan, kung gayon, hindi ito isang lokal na kompanyang naghahain ng ulat. Ang isang pinagsama-samang HOA o iba pang HOA na nilikha ng naturang paghahain ay maaari ring maging kwalipikado para sa isang eksemsyon mula sa mga iniaatas sa pag-uulat. Halimbawa, ang mga HOA na kinikilala ng IRS bilang seksyon 501(c)(4) na mga social welfare na organisasyon (o na nag-claim ng ganoong katayuan at nakakatugon sa mga kinakailangan) ay maaaring maging kwalipikado para sa eksemsyon ng entidad na hindi binubuwisan. Ang naka-incorporate na HOA na hindi isang seksyon 501(c)(4) na organisasyon, gayunpaman, ay maaaring kabilang sa kahulugan ng kompanyang naghahain ng ulat at samakatuwid ay kinakailangang mag-ulat ng BOI sa FinCEN.

[Na-update noong Hunyo 10, 2024]

C.11. Ang mga entidad ba na nabuo sa ilalim ng batas ng Tribo ay kinakailangan na mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Oo, kung natutugunan ng entidad ang kahulugan ng kompanyang naghahain ng ulat at hindi kwalipikado para sa anumang mga eksemsyon sa mga iniaatas sa pag-uulat. Tingnan ang Tanong C.1 para sa karagdagang impormasyon sa kung anong mga entidad ang mga kompanyang naghahain ng ulat.

Bagama't may iba't ibang kasanayan sa pagbuo ng legal na entidad ang mga Tribong Indiyano, pinapayagan ng ilan ang mga indibidwal na bumuo ng mga legal na entidad gaya ng mga korporasyon o LLC sa ilalim ng batas ng Tribo sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento (gaya ng Mga Artikulo ng Pagiging Korporasyon) sa isang tanggapan o ahensya ng Tribo na kung saan kabilang sa mga nakagawiang gawain ang paglikha ng naturang mga entidad alinsunod sa naturang mga paghahain. Ang mga tanggapan o ahensya ng tribo na gumaganap ng tungkuling ito ay maaaring tawagin sa iba pang pangalan maliban sa “kalihim ng estado,” ngunit ginagampanan nila ang isang tungkulin na katulad ng sa isang karaniwang kalihim ng tanggapan ng estado. Bilang resulta, ang isang legal na entidad na nilikha sa pamamagitan ng paghahain sa naturang tanggapan o ahensya ng Tribo ay isang kompanyang naghahain ng ulat at kinakailangang maghain ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN, maliban kung kwalipikado ito para sa isang eksemsiyon.

Tandaan na sa ilalim ng Corporate Transparency Act, ang isang legal na entidad ay isang kompanyang naghahain ng ulat lamang kung itinayo o narehistro para magnegosyo “sa ilalim ng mga batas ng isang Estado o Tribong Indiyano.” Ang mga korporasyong pantribo na nabuo sa ilalim ng pederal na batas sa pamamagitan ng pagpapalabas ng charter of incorporation ng Secretary of the Interior—gaya ng mga itinayo sa ilalim ng seksyon 3 ng Oklahoma Indian Welfare Act (25 USC 5203), o seksyon 17 ng Indian Reorganization Act ng 1934 (25 USC 5124)—ay hindi itinayo sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan sa ilalim ng mga batas ng isang tribong Indiyano, at samakatuwid ay hindi mga kompanyang naghahain ng ulat kung saan kinakailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN.

Tandaan din na ang “mga awtoridad ng pamahalaan” ay hindi kinakailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Para sa layuning ito, ang “awtoridad ng pamahalaan” ay isang entidad na (1) itinatag sa ilalim ng mga batas ng Estados Unidos, isang Tribong Indiyano, isang Estado, o isang political subdivision ng isang Estado, o sa ilalim ng isang interstate compact sa pagitan ng dalawa o higit pang Estado, at na (2) ginagamit ang awtoridad ng pamahalaan sa ngalan ng Estados Unidos o anumang naturang Tribong Indiyano, Estado, o political subdivision. Kaya, ang isang entidad ng Tribo na tulad ng isang “awtoridad ng pamahalaan” ay hindi kinakailangan na mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Kasama sa categoryang ito ang mga tribally chartered na korporasyon at state-chartered na entidad ng Tribo, kung ginagamit ng mga korporasyon o entidad na iyon ang awtoridad ng pamahalaan sa ngalan ng Tribo.

Hindi rin kasali ang ilang partikular na subsidiary ng mga awtoridad ng pamahalaan sa pangangailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Kwalipikado ang isang entidad para sa eksemsyon na ito kung ang mga interes ng pagmamay-ari nito ay kinokontrol (sa kabuuan nito) o ganap na pagmamay-ari, direkta o hindi direkta, ng isang awtoridad ng pamahalaan. Kaya, halimbawa, kung ginagamit ng isang tribally chartered na korporasyon (o state-chartered na entidad ng Tribo) ang awtoridad ng pamahalaan sa ngalan ng Tribo, at ang tribally chartered na korporasyon (o state-chartered na entidad ng Tribo) ang kumokontrol o ganap na nagmamay-ari ng mga interes na pag-aari ng ibang entidad, kung gayon, hindi kasama ang parehong tribally chartered na korporasyon (o state-chartered na entidad ng Tribo) at ang subsidiary na entidad na iyon sa pangangailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Tingnan ang Mga Tanong L.3 at L.6 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa “eksemsyon ng subsidiary” na ito.

Ang iba pang eksemsyon sa mga iniaatas sa pag-uulat, tulad ng eksemsyon para sa “mga entidad na hindi binubuwisan,” ay maaari ring malapat sa ilang partikular na entidad na nabuo sa ilalim ng batas ng Tribo.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang talahanayan at mga checklist para sa bawat 23 eksemsyon na maaaring makatulong sa pagtukoy kung nakatutugon ba ang isang kompanya sa eksemsyon (tingnan ang Kabanata 1.2, “Hindi ba kasali ang aking kumpanya sa mga iniaatas sa pag-uulat?”). Dapat maingat na suriin ng mga kompanya ang pamantayan sa pagiging kwalipikado bago ipagpalagay na exempted sila. Mangyaring tingnan ang mga karagdagang FAQ tungkol sa mga eksemsyon ng kompanyang naghahain ng ulat sa “L. Mga Eksemsyon ng Mga Kompanyang Naghahain ng Ulal (Reporting Company Exemptions)” na nasa ibaba.

[Inisyu noong Hunyo 10, 2024]

C.12. Nalalapat ba ang mga iniaatas sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa mga kompanyang itinayo o narehistro bago pa maisabatas ang Corporate Transparency Act (Enero 1, 2021)?

Oo. Ang mga iniaatas sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay nalalapat sa lahat ng kompanyang kwalipikado bilang “mga kompanyang naghahain ng ulat” (tingnan ang Tanong C.1), nang hindi isinasaalang-alang kung kailan itinayo o nirehistro ang mga ito. Ang mga kompanya ay hindi kinakailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN kung exempted sila (tingnan ang Tanong C.2 at, sa pangkalahatan, Seksyon L) o hindi na umiiral bilang mga legal na entidad bago ang Enero 1, 2024 (tingnan ang Tanong C.13).

[Inisyu noong Hulyo 8, 2024]

C.13. Kinakailangan ba ng isang kompanya na iulat ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito sa FinCEN kung nagsara na ang kompanya bago magkaroon ng bisa ang mga iniaatas sa pag-uulat noong Enero 1, 2024?

Hindi kinakailangang iulat ng isang kompanya ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito sa FinCEN kung hindi na ito umiiral bilang legal na entidad bago ang Enero 1, 2024, ibig sabihin ay ganap nitong nakumpleto

ang proseso para sa pormal at hindi na mababawing pagwawakas. Ang isang kompanyang hindi na umiiral bilang isang legal na entidad bago nagkabisa ang mga iniaatas sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari noong Enero 1, 2024 ay hindi kailanman napailalim sa mga iniaatas sa pag-uulat at kung gayon ay hindi inaatasang mag-ulat ng impormasyon ng nakikinabang na may-ari nito sa FinCEN.

Bagama't maaaring mag-iba ang batas ng estado o Tribo, karaniwang kinukumpleto ng isang kompanya ang proseso para sa pormal at hindi na mababawing pagwawakas sa pamamagitan ng, halimbawa, paghahain ng mga papeles ng pagbuwag (dissolution) sa hurisdiksyon nito sa pagpapatayo o pagpaparehistro, pagtanggap ng nakasulat na kumpirmasyon ng pagbuwag, pagbabayad ng mga nauugnay na buwis o bayarin, pagtigil sa pagsasagawa ng anumang negosyo, at pagwawakas sa mga aktibidad nito (hal., ganap na pag-liquidate sa sarili nito at pagsasara ng lahat ng bank account).

Kung patuloy na umiiral ang isang kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Tanong C.1) bilang isang legal na entidad para sa anumang yugto ng panahon sa o pagkatapos ng Enero 1, 2024 (ibig sabihin, hindi ganap na nakumpleto ang proseso para sa pormal at hindi na mababawing pagwawakas bago ang Enero 1, 2024), kung gayon, kinakailangang iulat ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito sa FinCEN, kahit na tinapos ng kompanya ang mga gawain nito at huminto sa pagsasagawa ng negosyo bago ang Enero 1, 2024.

Katulad nito, kung itinayo o narehistro ang isang kompanyang naghahain ng ulat noong o pagkatapos ng Enero 1, 2024, at kalaunan ay nagsara, kinakailangang iulat ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito sa FinCEN—kahit na nagsara na ito bago isumite ang paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito.

Para sa mga detalye kung paano matukoy kung kailan huminto sa pag-iral ang isang kompanya bilang legal na entidad, kumonsulta sa batas ng hurisdiksyon kung saan itinayo o nakarehistro ang kompanya. Sa pangkalahatan, hindi hihinto sa pag-iral bilang isang legal na entidad ang isang kompanyang administratibong winakasan o sinuspinde—dahil, halimbawa, nabigo itong magbayad ng bayarin sa pag-file o sumunod sa ilang partikular na kinakailangan sa hurisdiksyon—maliban kung magiging permanente ang pagkakabuwag o pagkakasuspende nito.

[Inisyu noong Hulyo 8, 2024]

C.14. Kung itinayo o narehistro ang isang kompanyang naghahain ng ulat sa 2024 o kalaunan ay tinapos ang mga aktibidad nito at nagsara na bago maisumite ang paunang ulat ng BOI nito sa FinCEN, kinakailangan pa bang isumite ng kompanya ang paunang ulat na iyon?

Oo. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro noong 2024 ay dapat mag-ulat ng kanilang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN sa loob ng 90 araw pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso ng pagkakatatayo o pagpaparehistro. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro sa 2025 o kalaunan ay dapat mag-ulat ng kanilang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN sa loob ng 30

araw pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso ng pagkakatayo o pagpaparehistro. Nananatiling naaangkop ang mga obligasyong ito sa mga kompanyang naghahain ng ulat na hindi na umiiral bilang mga legal na entidad—ibig sabihin ay tinapos na ang kanilang mga aktibidad, tumigil sa pagsasagawa ng negosyo, at ganap na nakumpleto ang proseso para sa pormal at hindi na mababawing pagwawakas—bago ang petsa kung kailan kailangang maisumite ang kanilang mga paunang ulat ng nakikinabang na may-ari. Kung nag-file ang isang kompanyang naghahain ng ulat ng isang paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari at pagkatapos ay nagsara na, kung gayon, hindi na kailangan ng kompanyang naghahain ng ulat na mag-file ng karagdagang ulat sa FinCEN na nagsasaad na nagsara na ang kompanya.

[Inisyu noong Hulyo 8, 2024]

D. Nakikinabang na May-ari

D.1. Sino ang nakikinabang na may-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat?

Ang nakikinabang na may-ari ay isang indibidwal na direkta o hindi direktang: (1) nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Tanong D.2), o (2) nagmamay-ari o kumokontrol sa hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Tanong D.4). Dahil ang mga nakikinabang na may-ari ay dapat na mga indibidwal (ibig sabihin, mga natural na tao), hindi itinuturing na mga nakikinabang na may-ari ang mga trust, korporasyon, o iba pang legal na entidad. Gayunpaman, sa mga partikular na sitwasyon, ang impormasyon tungkol sa isang entidad ay maaaring iulat bilang kapalit ng impormasyon tungkol sa isang nakikinabang na may-ari (tingnan ang Tanong D.12).

Ang [*Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad*](#) ng FinCEN ay nagbibigay ng mga checklist at halimbawa na maaaring makatulong sa pagtukoy ng mga nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 2.3 “Anong mga hakbang ang puwede kong gawin upang matukoy ang mga nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?”).

[Na-updat noong Abril 18, 2024]

D.2. Ano ang malaking kontrol?

Puwedeng gamitin ng indibidwal ang malaking kontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa apat na iba’t ibang paraan. Kapag ang mga indibidwal ay mapunta sa alinmang kategorya sa ibaba, mayroong malaking kontrol ang indibidwal:

- Ang indibidwal ay isang nakatatasa na opisyal (ang presidente ng kompanya, punong opisyal sa pananalapi, pangkalahatang tagapayo, tanggapan ng punong ehekutibo, punong opisyal sa pagpapatakbo ng kompanya, o anumang iba pang opisyal na mayroong katulad na tungkulin).
- Ang indibidwal ay may awtoridad na magtalaga o magtanggag ng ilang opisyal o mayorya ng mga direktor (o katulad na lupon) ng kompanyang naghahain ng ulat.
- Ang indibidwal ay isang mahalagang tagapagdesisyon para sa kompanyang naghahain ng ulat. Tingnan ang Tanong D.3 para sa higit pang impormasyon.

- Ang indibidwal ay may iba pang anyo ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat gaya ng higit pang pagpapaliwanag sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN (tingnan ang *Kabanata 2.1*, “Ano ang malaking kontrol?”).



NAKATATAAS NA OPISYAL

sinumang indibidwal na may hawak na posisyon o mayroong awtoridad ng isang:

1. Presidente
2. Punong opisyal sa pananalapi (Chief financial officer, CFO)
3. Pangkalahatang tagapayo (General counsel, GC)
4. Opisyal na punong ehekutibo (Chief executive officer, CEO)
5. Ang Punong opisyal sa pagpapatakbo ng kompanya (Chief operating officer, COO)

o sinumang iba pang opisyal, anuman ang opisyal na titulo, na mayroong katulad na tungkulin gaya ng mga opisyal na ito



PAGTATALAGA O PAGTANGGAL NG AWTORIDAD

sinumang indibidwal na may kakayahang magtalaga o magtanggali ng **NAKATATAAS NA OPISYAL** o mayorya ng mga lupon ng direktor o katulad na lupon



MAHALAGANG TAGAPAGDESIYON

sinumang indibidwal na nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mahahalagang desisyong ginawa ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga desisyon tungkol sa:

1. **Negosyo**, gaya ng:

- Uri, saklaw at katangian ng negosyo
- Pagpili o pagwawakas ng mga hanay ng negosyo o business venture, o pagtuon sa heograpiya
- Pagpasok o pagwawakas, o ang pagtupad o hindi pagtupad, ng mga mahalagang kontrata

2. **Mga pananalapi**, gaya ng:

- Pagbebenta, pagpaparenta, mortgage, o iba pang pag-transfer ng anumang pangunahing asset
- Mga pangunahing paggastos o investment, pag-isyu ng anumang equity, pagkakaroon ng anumang malaking utang, o pag-apruba ng budget para sa pagpapatakbo ng kompanya
- Mga plano para sa kompensasyon at mga programa ng insentibo para sa mga nakatataas na opisyal

3. **Istruktura**, gaya ng:

- Muling pag-organisa (reorganization), pagkabuwag (dissolution), o merger
- Mga pagbabago sa anumang mahalagang dokumento ng pamamahala ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga artikulo ng pagiging korporasyon o katulad na mga dokumento ng pagkakabuo, alituntunin, at mahalagang patakaran o pamamaraan



CATCH-ALL

anumang iba pang anyo ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat. Ang kontrol na ginawa sa mga bago at natatanging paraan ay puwede ring maging malaki. Halimbawa, ang mga flexible na istruktura ng korporasyon ay maaaring may iba't ibang palatandaan ng kontrol kaysa sa mga palatandaang kasama rito

D.3. Ang isa sa mga palatandaan ng malaking kontrol ay isang mahalagang tagapagdesisyon ang indibidwal. Ano ang mahahalagang desisyon?

Kasama sa mahahalagang desisyon ang mga desisyon tungkol sa negosyo, pinansiyal, at istruktura ng kompanyang naghahain ng ulat. Ang isang indibidwal na nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mga mahalagang desisyong ito ay gumagamit ng malaking kontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat. Ang *Kabanata 2.1, "Ano ang malaking kontrol?"* ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN](#) ay nagbibigay ng sumusunod na impormasyon:



MAHALAGANG TAGAPAGDESIYON

sinumang indibidwal na nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mahahalagang desisyong ginawa ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga desisyon tungkol sa:

1. Negosyo, gaya ng:

- Uri, saklaw at katangian ng negosyo
- Pagpili o pagwawakas ng mga hanay ng negosyo o business venture, o pagtuon sa heograpiya
- Pagpasok o pagwawakas, o ang pagtupad o hindi pagtupad, ng mga mahalagang kontrata

2. Mga pananalapi, gaya ng:

- Pagbebenta, pagpaparenta, mortgage, o iba pang pag-transfer ng anumang pangunahing asset
- Mga pangunahing paggastos o investment, pag-isyu ng anumang equity, pagkakaroon ng anumang malaking utang, o pag-apruba ng budget para sa pagpapatakbo ng kompanya
- Mga plano para sa kompensasyon at mga programa ng insentibo para sa mga nakatataas na opisyal

3. Istruktura, gaya ng:

- Muling pag-organisa (reorganization), pagkabuwag (dissolution), o merger
- Mga pagbabago sa anumang mahalagang dokumento ng pamamahala ng kompanyang naghahain ng ulat, kabilang ang mga artikulo ng pagiging korporasyon o katulad na mga dokumento ng pagkakabuo, alituntunin, at mahalagang patakaran o pamamaraan

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

D.4. Ano ang interes sa pagmamay-ari?

Ang interes sa pagmamay-ari sa pangkalahatan ay ang pagsasaayos na nagpapatibay ng mga karapatan sa pagmamay-ari sa kompanyang naghahain ng ulat. Kasama sa mga halimbawa ng mga interes sa pagmamay-ari ang mga share sa equity, stock, karapatan sa pagboto, o anumang iba pang mekanismo na ginamit sa pagpapatibay ng pagmamay-ari.



EQUITY, STOCK O MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

anumang interes na inuri bilang stock o kahit anong bagay na katulad, nagbibigay man ito ng kapangyarihang bumoto o mga karapatan sa pagboto, at kahit na naililipat ang interes

Kabilang sa mga **HALIMBAWA** ang:

- equity, stock, o katulad na instrumento
- sertipiko ng preorganization o subscription
- naililipat na share ng, o voting trust certificate o sertipiko ng deposito para sa, equity security, interes sa joint venture, o sertipiko ng interes sa business trust



KAPITAL O INTERES SA KITA (PROFIT INTEREST)

anumang interes sa mga asset o kita (profit) ng kompanyang inorganisa bilang isang LLC, na katulad ng stock sa korporasyon at kung minsan ay tinutukoy bilang 'unit'



MGA INSTRUMENTONG MAAARING PALITAN (CONVERTIBLE INSTRUMENT)

anumang instrumentong maaaring palitan ng **equity, stock, o karapatan sa pagboto** o **kapital o interes sa kita**, kailangan man o hindi kailangan bayaran ang anumang para sa pagpapalit (conversion). Ang mga **NAUUGNAY** na item ay mga interes sa pagmamay-ari rin:

- anumang hinaharap ng anumang instrumentong maaaring palitan
- anumang garantiya o karapatang bumili, magbenta, o mag-subscribe sa share o interes sa **equity, stock, o mga karapatan sa pagboto** o **kapital o interes sa kita**, kahit na ang naturang garantiya o karapatan ay utang



OPSYON O PRIBILEHIYO

anumang put, call, straddle, o ibang opsyon o pribilehiyo sa pagbili o pagbebenta ng **equity, stock, o mga karapatan sa pagboto, kapital o interes na kita**, o **instrumentong maaaring palitan**, MALIBAN kung ang opsyon o pribilehiyo ay nilikha o hinawakan ng iba nang walang alam o walang kinalaman ang kompanyang naghahain ng ulat



CATCH-ALL

anumang iba pang instrumento, kontrata, pagsasaayos, pagkakaunawaan, relasyon, o mekanismo na ginamit sa pagpapatibay ng pagmamay-ari

Ang Kabanata 2.2, “Ano ang interes sa pagmamay-ari?” ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ay tinatalakay ang mga interes sa pagmamay-ari at nagtatakda ng mga hakbang upang makatulong sa pagtukoy ng porsiyento ng interes sa pagmamay-ari na hawak ng isang indibidwal.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

D.5. Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?

Mayroong limang pagkakataon kung saan ang indibidwal na kung hindi man nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat ay kwalipikado para sa eksepsyon. Sa mga sitwasyong iyon, hindi kailangang iulat sa FinCEN ng kompanyang naghahain ng ulat ang indibidwal na iyon bilang isang nakikinabang na may-ari.

Kabilang sa [*Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad*](#) ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy kung mayroon bang mga eksemsyon na nalalapat sa mga indibidwal na kung hindi man ay kwalipikado bilang mga nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 2.4. “Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?”).

[Issued September 18, 2023]

D.6. Ang aking accountant o abogado ba ay itinuturing na nakikinabang na may-ari?

Ang mga accountant at abogado sa pangkalahatan ay hindi kwalipikado na maging mga nakikinabang na may-ari, ngunit maaaring nakabatay iyon sa gawaing ginagawa.

Ang mga accountant at abogado na nagbibigay ng pangkalahatang accounting o mga legal na serbisyo ay hindi itinuturing na mga nakikinabang na may-ari dahil ang ordinaryo, arms-length advisory o iba pang third-party na propesyonal na serbisyo sa isang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi itinuturing na “malaking kontrol” (tingnan ang Tanong D.2). Bukod dito, ang abogado o accountant na itinalaga bilang ahente ng kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring maging kwalipikado para sa eksepsyon ng “nominado, tagapamagitan, katiwala, o ahente” sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari.

Gayunpaman, ang isang indibidwal na may posisyon na pangkalahatang tagapayo sa kompanyang naghahain ng ulat ay isang “nakatataas na opisyal” ng kompanyang iyon at samaktuwid ay nakikinabang na may-ari.

Kabilang sa [*Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad*](#) ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy kung kwalipikado ba ang indibidwal para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 2.4, “Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?”).

[Na-update noong Nobyembre 16, 2023]

D.7. Anong impormasyon ang dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa isang nakikinabang na may-ari na may hawak ng kanilang mga interes sa pagmamay-ari sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga entidad na may maraming eksemsyon (multiple exempt entity)?

Kung ang nakikinabang na may-ari ay eksklusibong nagmamay-ari o kumokontrol sa kanilang mga interes sa pagmamay-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga entidad na **maymaraming eksemsyon**, kung gayon ay maaaring iulat sa FinCEN ang pangalan ng **lahat** ng mga exempted na entidad sa halip na ang impormasyon ng indibidwal na nakikinabang na may-ari.

- » Tandaan na hindi nalalapat ang espesyal na alituntuning ito kapag ang isang indibidwal ay nagmamay-ari o kumokontrol sa mga interes sa pagmamay-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng parehong exempted at hindi exempted na entidad. Sa ganoong sitwasyon, dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang indibidwal bilang isang nakikinabang na may-ari (kung walang nalalapat na eksepsyon), ngunit hindi kailangang ilista ang mga exempted na kompanya.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang karagdagang impormasyon tungkol sa espesyal na alituntunin sa pag-uulat na ito sa Kabanata 4.2, “Ano ang iulat ko kung ang espesyal na alituntunin sa pag-uulat ay nalalapat sa aking kompanya?”

[Issued September 29, 2023]

D.8. Isang nakikinabang na may-ari ba ng kompanyang naghahain ng ulat ang isang hindi nauugnay na kompanya na nagbibigay ng serbisyo sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng pangangasiwa sa pang-araw-araw na operasyon nito, ngunit hindi nagdedesisyon sa mahahalagang bagay?

Ang hindi nauugnay na kompanya mismo ay hindi puwedeng maging isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat dahil isang indibidwal dapat ang nakikinabang na may-ari. Ang sinumang indibidwal na nagsasagawa ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng hindi nauugnayna kompanya ay dapat iulat bilang mga nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat.

Gayunpaman, ang mga indibidwal na hindi nagdidirekta, nagpapasiya, o may malaking impluwensya sa mga mahalagang desisyon na ginawa ng kompanyang naghahain ng ulat, at hindi gumagamit ng malaking kontrol, ay maaaring hindi mga nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat.

Mangyaring tingnan ang Kabanata 2.1 ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#), ng FinCEN, “Ano ang malaking kontrol?” para sa karagdagang impormasyon kung paano matukoy kung ang isang indibidwal ba ay may malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat.

[Issued September 29, 2023]

D.9. Ang miyembro ba ng lupon ng mga direktor ng kompanyang naghahain ng ulat ay lagi bang isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat?

Hindi. Ang nakikinabang na may-ari ng isang kompanya ay sinumang indibidwal na direkta o hindi direktang nagsasagawa ng mahalagang kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat, o nagmamay-ari o kumokontrol sa hindi bababa sa 25 porsiyento

ng interes sa pagmamay-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat.

Kung nakakatugon ba o hindi ang direktor sa anumang pamantayang ito ay isang katanungang dapat isaalang-alang ng kompanyang naghahain ng ulat na batayan ang bawat direktor.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano tukuyin kung ang isang indibidwal ba ay kwalipikado bilang nakikinabang na may-ari sa Kabanata 2, “Sino ang nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?”. Kasama sa kabanatang ito ang mga hiwalay na seksyon na may higit pang impormasyon tungkol sa malaking kontrol at interes sa pagmamay-ari: Kabanata 2.1 “Ano ang malaking kontrol?” at Kabanata 2.2 “Ano ang interes sa pagmamay-ari?”

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

D.10. Isang nakikinabang na may-ari ba ang nakatalagang “kinatawan sa partnership” o “partner sa mga usaping buwis” ng kompanyang naghahain ng ulat?

Depende. Ang “kinatawan sa partnership,” ng kompanyang naghahain ng ulat gaya na tinukoy sa [26 U.S.C. 6223](#), o “partner sa mga usaping buwis,” gaya ng termino na una nang tinukoy sa pinawalang-bisa ngayon na 26 U.S.C. 6231(a)(7), ay hindi awtomatikong isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat. Gayunpaman, maaaring maging kwalipikado ang naturang indibidwal bilang isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat kung ang indibidwal ay nagsasagawa ng malaking kontrol sa kompanyang naghahain ng ulat, o nagmamay-ari o kumokontrol sa hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng kompanya.

Ang Kabanata 2 ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN (“Sino ang nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?”) ay may karagdagang impormasyon paano matukoy kung kwalipikado ba ang isang indibidwal bilang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat.

Tandaan na ang “kinatawan sa partnership” o “partner sa mga usaping buwis” na ginagawa ang tungkulin ng isang itinalagang ahente ng kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring maging kwalipikado para sa eksepsyon ng “nominado, tagapamagitan, katiwala, o ahente” sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang karagdagang impormasyon sa naturang mga eksepsyon sa Kabanata 2.4, “Sino ang kwalipikado para sa eksepsyon mula sa kahulugan ng nakikinabang na may-ari?”

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

D.11. Ano ang dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat kung pinagtatalunan ang pagmamay-ari nito?

Kung ang pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat ay ang paksa ng aktibong paglilitis at hindi pa naihain ang isang paunang ulat ng BOI, ang isang taong pinahihintulutan ng kompanya na maghain ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito ay dapat sumunod sa mga kinakailangan sa pamamagitan ng pag-uulat:

- lahat ng indibidwal na nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa kompanya, at
- lahat ng indibidwal na nagmamay-ari o kumokontrol ng, o may claim sa pagmamay-ari o pagkontrol ng, hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari sa kompanya.

Kung naihain na ang isang paunang ulat ng BOI, at kung humantong ang paglutas ng paglilitis sa pagkakaroon ng kompanyang naghahain ng ulat ng iba't ibang nakikinabang na may-ari mula sa mga naiulat (halimbawa, dahil tinanggihan ang mga claim ng ilang indibidwal sa pagmamay-ari o pagkontrol), kinakailangang maghain ang kompanyang naghahain ng ulat ng na-update na ulat ng BOI sa loob nang 30 araw ng kalendaryo ng paglutas ng paglilitis.

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

D.12. Sino ang iniuulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat bilang nakikinabang na may-ari kung ang entidad na korporasyon ay nagmamay-ari o kumokontrol sa 25 porsiyento o higit pang interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat?

Karaniwan, nag-uulat ang naturang kompanyang naghahain ng ulat ng mga indibidwal na hindi direktang (1) nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa kompanyang naghahain ng ulat o (2) nagmamay-ari o kumokontrol ng hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng entidad na korporasyon. Hindi nito dapat iulat ang entidad na korporasyon na nagsisilbing intermediate para sa mga indibidwal.

Para sa isang halimbawa kung paano kalkulahan ang porsiyento ng mga interes ng pagmamay-ari na pag-aari o kinokontrol ng isang indibidwal sa isang kompanyang naghahain ng ulat kung hinahawakan ang mga interes sa pagmamay-ari ng indibidwal sa pamamagitan ng isang intermediate na entidad, mangyaring suriin ang halimbawa 4 sa Kabanata 2.3, "Anong mga hakbang ang maaari kong gawin upang matukoy ang mga nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?" ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN.

Dalawang espesyal na alituntunin ang lumilikha ng mga eksemasyon sa pangkalahatang alituntuning ito sa mga pinakapartikular na sitwasyon:

1. Maaaring iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang (mga) pangalan ng isang exempted na entidad o mga entidad bilang kapalit ng isang indibidwal na nakikinabang na may-ari na nagmamay-ari o kumokontrol sa mga interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga interes sa pagmamay-ari sa exempted na entidad o mga entidad; o
2. Kung ang mga nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat at ang intermediate na kompanya ay ang parehong mga indibidwal, maaaring iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang FinCEN identifier at buong legal na pangalan ng isang intermediate na kompanya kung saan isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat ang indibidwal.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga espesyal na alituntunin sa pag-uulat na ito (tingnan ang Kabanata 4.2, “Ano ang iuulat ko kung ang isang espesyal na alituntunin sa pag-uulat ay nalalapat sa aking kompanya?”).

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

D.13. Sino ang nakikinabang na may-ari ng isang asosasyon ng mga may-ari ng bahay?

Ang asosasyon ng mga may-ari ng bahay (homeowners association o HOA) na nakakatugon sa kahulugan ng kompanyang naghahain ng ulat at hindi kwalipikado para sa anumang mga eksemsyon ay dapat mag-ulat ng (mga) nakikinabang na may-ari nito. Ang isang nakikinabang na may-ari ay sinumang indibidwal na, direkta o hindi direktang, nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat, o nagmamay-ari o kumokontrol sa hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat.

Maaaring may mga pagkakataon kung saan walang indibidwal ang nagmamay-ari o kumokontrol nang hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng HOA na isang kompanyang naghahain ng ulat. Gayunpaman, inaasahan ng FinCEN na hindi bababa sa isang indibidwal ang magsasagawa ng malawakang pagkontrol sa bawat kompanyang naghahain ng ulat. Ang mga indibidwal na nakakatugon sa isa sa mga sumusunod na pamantayan ay kinokonsiderang nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa HOA:

- ang indibidwal ay isang nakatatasa na opisyal;
- ang indibidwal ay may awtoridad na magtalaga o magtanggap ng ilang opisyal o mayorya ng mga direktor ng HOA;
- ang indibidwal ay isang mahalagang tagapagdesisyon; o
- ang indibidwal ay may anumang iba pang anyo ng malawakang pagkontrol sa HOA.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

D.14. Maaari bang magmay-ari o kontrolin ng mga nakikinabang na may-ari ang mga kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga trust?

Oo, maaaring magmay-ari o kontrolin ng mga nakikinabang na may-ari ang isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga trust. Magagawa nila ito sa pamamagitan ng alinman sa pagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng isang trust arrangement o sa pamamagitan ng pagmamay-ari o pagkontrol ng mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat na pinanghahawakan sa isang trust.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

D.15. Sino ang mga nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat kapag pag-aari o kinokontrol ng mga indibidwal ang kompanya sa pamamagitan ng isang trust?

Ang isang nakikinabang na may-ari ay sinumang indibidwal na: (1) nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat, o (2) nagmamay-ari o kumokontrol ng hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat. Ang pagsasagawa ng malawakang pagkontrol o pagmamay-ari o pagkontrol sa mga interes ng pagmamay-ari ay maaaring direkta o hindi direkta, kabilang ang sa pamamagitan ng anumang kontrata, kasunduan, pag-unawa, relasyon, o iba pa.

Iba-iba ang mga trust arrangement. Tinutukoy ng mga partikular na katotohanan at sitwasyon kung ang mga partikular na trustee, benepisyaryo, grantor, settlor, at iba pang indibidwal na may mga tungkulin sa isang partikular na trust ay mga nakikinabang bang na may-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat kung saan pinanghahawakan ang mga interes sa pagmamay-ari sa pamamagitan ng trust na iyon.

Halimbawa, ang trustee ng isang trust ay maaaring isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat alinman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa kompanyang naghahain ng ulat, o sa pamamagitan ng pagmamay-ari o pagkontrol ng hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari sa kompanyang iyon sa pamamagitan ng isang trust o katulad na kasunduan. Ang ilang partikular na benepisyaryo at grantor o settlor ay maaari ring magmay-ari o kontrolin ang mga interes sa pagmamay-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng isang trust. Ipinapakita ng mga sumusunod na kundisyon na ang isang indibidwal ay nagmamay-ari o kumokontrol sa mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanya naghahain ng ulat sa pamamagitan ng isang trust:

- ang isang trustee (o sinumang iba pang indibidwal) ay may awtoridad na i-dispose ang mga trust asset;
- ang benepisyaryo ay ang tanging pinahihintulatang tatanggap ng kita at prinsipal mula sa trust, o may karapatang humiling ng distribusyon ng o bawiin ang lahat ng asset mula sa trust; o
- may karapatan ang isang grantor o settlor na bawiin ang trust o kung hindi man ay bawiin ang mga asset ng trust.

Maaaring hindi ito isang kumpletong listahan ng mga kundisyon kung saan nagmamay-ari o kinokontrol ng isang indibidwal ang mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng isang trust. Dahil nag-iiba-iba ang mga katotohanan at sitwasyon, maaaring may iba pang kasunduan kung saan ang mga indibidwal na nauugnay sa isang trust ay maaaring maging nakikinabang na mga may-ari ng anumang kompanyang naghahain ng ulat kung saan may mga interes ang trust na iyon.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

D.16. Paano iniuulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang isang corporate trustee bilang isang nakikinabang na may-ari?

Para sa mga layunin ng tanong na ito, ang ibig sabihin ng “corporate trustee” ay isang legal na entidad sa halip na isang indibidwal na ginagamit ang mga kapangyarihan ng isang trustee sa isang trust arrangement.

Kung ang mga interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat ay pag-aari o kinokontrol sa pamamagitan ng trust arrangement sa isang corporate trustee, dapat matukoy ng kompanyang naghahain ng ulat kung ang alinman sa mga indibidwal na nakikinabang na may-ari ng corporate trustee ay hindi direktang nagmamay-ari o kinokontrol ang hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng kanilang mga interes sa pagmamay-ari ng corporate trustee.

- Halimbawa, kung nagmamay-ari ang isang indibidwal ng 60 porsiyento ng corporate trustee ng isang trust, at ang trust na iyon ay may 50 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat, kung gayon, pagmamay-ari o kinokontrol ng indibidwal ang 30 porsiyento ($60 \text{ porsiyento} \times 50 \text{ porsiyento} = 30 \text{ porsiyento}$) ng mga interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat at samakatuwid, isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat.
- Sa kabaligtaran, kung may hawak lamang ang parehong trust ng 30 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat, ang parehong indibidwal na may-ari ng corporate trustee ay nagmamay-ari o kumokontrol lamang ng 18 porsiyento ($60 \text{ porsiyento} \times 30 \text{ porsiyento} = 18 \text{ porsiyento}$) ng kompanyang naghahain ng ulat, at sa gayon ay hindi isang nakikinabang na may-ari ng kompanyang naghahain ng ulat sa bisa ng pagmamay-ari o kontrol ng mga interes sa pagmamay-ari.

Ang kompanyang nag-uulat ay maaari, ngunit hindi kinakailangang, iulat ang pangalan ng corporate trustee bilang kapalit ng impormasyon tungkol sa isang indibidwal na nakikinabang na may-ari kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na tatlong kundisyon:

- ang corporate trustee ay isang entidad na hindi kasama sa mga iniaatas sa pag-uulat;
- ang indibidwal na nakikinabang na may-ari ay nagmamay-ari o kumokontrol nang hindi bababa sa 25 porsiyento ng mga interes sa pagmamay-ari sa kompanyang naghahain ng ulat **lamang** ayon sa mga interes ng pagmamay-ari sa corporate trustee; at
- hindi nagsasagawa ang indibidwal na nakikinabang na may-ari ng malawakang pagkontrol sa kompanyang naghahain ng ulat.

Bilang karagdagan sa pagsasaalang-alang kung ang mga nakikinabang na may-ari ng isang corporate trustee ay nagmamay-ari o kumokontrol sa mga interes sa pagmamay-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat na kung saan ang mga interes sa pagmamay-ari ay pinanghahawakan sa trust, maaaring kakailanganing

isaalang-alang kung ang sinumang may-ari ng, o mga indibidwal na nagtatrabaho o nakikibahagi sa, nagsasagawa ang corporate trustee ng malawakang pagkontrol sa isang kompanyang naghahain ng ulat. Ang mga salik para sa pagtukoy ng malawakang pagkontrol ng isang indibidwal na konektado sa isang corporate trustee ay kapareho ng para sa sinumang nakikinabang na may-ari.

Mangyaring tingnan ang Kabanata 2.1 ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN, “Ano ang malawakang pagkontrol?” para sa karagdagang impormasyon kung paano matukoy kung ang isang indibidwal ba ay may malawakang pagkontrol sa kompanyang naghahain ng ulat.

[Inisyu noong Abril 18, 202]

D.17. Sino ang dapat iulat ng isang entidad na ganap o bahagyang pagmamay-ari ng Tribong Indiyano bilang (mga) nakikinabang na may-ari nito?

Bahagyang nakasalalay ang sagot sa likas na katangian ng entidad na pag-aari ng Tribong Indiyano. Ipinapaalam nito ang pagpapasiya kung ang entidad ay isang kompanyang naghahain ng ulat na dapat mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

Sa pangkalahatan, dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang lahat ng indibidwal bilang mga nakikinabang na may-ari, direkta o hindi direkta, nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Tanong D.2), at sinumang indibidwal na direkta o hindi direktang nagmamay-ari o kumokontrol ng hindi bababa sa 25 porsiyento o higit pang interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Tanong D.4).

Hindi isang indibidwal ang Tribong Indiyano, at sa gayon ay hindi dapat iulat bilang isang nakikinabang na may-ari ng isang entidad, kahit na nagsasagawa ito ng malawakang pagkontrol sa isang entidad o nagmamay-ari o kumokontrol sa 25 porsiyento o higit pa sa entidad na pagmamay-ari ng entidad. Gayunpaman, ang mga entidad kung saan may mga interes sa pagmamay-ari ang mga Tribo ay maaaring kakailanganin pa ring mag-ulat ng isa o higit pang indibidwal bilang mga nakikinabang na may-ari sa ilang partikular na sitwasyon.

Isang Pantribong Awtoridad ng Pamahalaan ang Entidad. Ang isang entidad ay hindi isang kompanyang naghahain ng ulat—at sa gayon, hindi na kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari—kung isa itong “awtoridad ng pamahalaan,” ibig sabihin ay isang entidad na (1) itinatag sa ilalim ng mga batas ng Estados Unidos, isang Tribong Indiyano, isang Estado, o isang political subdivision ng isang Estado, o sa ilalim ng isang interstate compact sa pagitan ng dalawa o higit pang Estado, at na (2) ginagamit ng awtoridad ng pamahalaan sa ngalan ng Estados Unidos o anumang naturang Tribong Indiyano, Estado, o political subdivision. Kasama sa kategoryang ito ang mga tribally chartered na korporasyon at state-chartered na entidad ng Tribo kung ginagamit ng mga korporasyon o entidad na iyon ang awtoridad ng pamahalaan sa ngalan ng Tribo.

Ang Mga Interes sa Pagmamay-ari ng Entidad ay Kinokontrol o Ganap na Pagmamay-ari ng isang Pantribong Awtoridad ng Pamahalaan. Hindi rin kasali ang subsidiary ng isang Pantribong awtoridad ng pamahalaan sa mga kinakailangan

sa pag-uulat ng BOI kung ang mga interes sa pagmamay-ari nito ay ganap na kinokontrol o ganap na pagmamay-ari ng Pantribong awtoridad ng pamahalaan. Tingnan ang Mga Tanong L.3 at L.6 para sa impormasyon tungkol sa “eksemsyon ng subsidiary” na ito. Tingnan ang Tanong C.2 at Seksyon L sa pangkalahatan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba pang eksemsyon.

Ang Entidad ay Bahagyang Pag-aari ng Tribo (at Hindi Exempted). Ang isang hindi exempted na entidad na bahagyang pagmamay-ari ng isang Tribong Indiyano ay dapat mag-ulat bilang mga nakikinabang na may-ari ng lahat ng indibidwal na nagsasagawa ng malawakang pagkontrol dito, kabilang ang mga indibidwal na nagsasagawa ng malawakang pagkontrol sa ngalan ng isang Tribong Indiyano o ng awtoridad ng pamahalaan nito. Dapat ding iulat ng entidad ang sinumang indibidwal na direkta o hindi direktang nagmamay-ari o kumokontrol ng hindi bababa sa 25 porsiyento o higit pang interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat. (Gayunpaman, kung ang alinman sa mga indibidwal na ito ay nagmamay-ari o kumokontrol sa mga interes sa pagmamay-ari na ito nang eksklusibo sa pamamagitan ng isang exempted na entidad o isang kombinasyon ng mga exempted na entidad, maaaring iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang (mga) pangalan ng exempted na entidad o mga entidad bilang kapalit ng indibidwal na nakikinabang na may-ari. Tingnan ang Tanong D.12.)

Kabilang sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano tukuyin kung ang isang indibidwal ba ay kwalipikado bilang nakikinabang na may-ari sa Kabanata 2, “Sino ang nakikinabang na may-ari ng aking kompanya?”. Kasama sa kabanatang ito ang mga hiwalay na seksyon na may higit pang impormasyon tungkol sa malaking kontrol at interes sa pagmamay-ari: Kabanata 2.1 “Ano ang mahalagang pagkontrol?” at Kabanata 2.2 “Ano ang interes sa pagmamay-ari?”

[Inisyu noong Hunyo 10, 2024]

E. Aplikante ng Kompanya


E.1. Sino ang aplikante ng kompanya ng kompanyang naghahain ng ulat?

Ang mga kompanyang naghahain ng ulat lamang na itinayo o narehistro noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito, ang kailangang mag-ulat ng kanilang mga aplikante ng kompanya.

Ang isang kompanya na dapat mag-ulat ng mga aplikante ng kompanya nito ay mayroon lamang hanggang dalawang indibidwal na puwedeng maging kwalipikado bilang mga aplikante ng kompanya:

1. Ang indibidwal na direktang naghahain ng dokumentong lumikha o naghahain sa kompanya; at
2. Kung higit sa isang tao ang kasama sa paghahain, ang indibidwal na pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain.

Makakatulong ang sumusunod na flowchart para sa pagtukoy ng aplikante ng kompanya.



In addition, Chapter 3.2, "Who is a company applicant of my company?" of FinCEN's [Small Entity Compliance Guide](#) includes additional information to help identify company applicants.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

E.2. Alin sa mga kompanyang naghahain ng ulat ang kinakailangang mag-ulat ng mga aplikante ng kompanya?

Hindi lahat ng kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang mag-ulat sa FinCEN ng kanilang mga aplikante sa kompanya.


Ang kompanyang naghahain ng ulat **ay dapat mag-ulat lamang ng mga aplikante ng kompanya** nito kung ito ay:

- Lokal na kompanyang naghahain ng ulat na itinayo sa Estados Unidos **noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito; o**
- Dayuhang kompanyang naghahain ng ulat na unang nagparehistro para magnegosyo sa Estados Unidos **noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito.**

Ang kompanyang naghahain ng ulat **ay hindi kailangang mag-ulat sa mga aplikante ng kompanya nito** kung ito ay:

- Lokal na kompanyang naghahain ng ulat na itinayo sa Estados Unidos **bago** ang Enero 1, 2024; o
- Dayuhang kompanyang naghahain ng ulat na unang nagparehistro para magnegosyo sa Estados Unidos **bago** ang Enero 1, 2024

Nasa ibaba ang buod ng mga kinakailangang pag-uulat tungkol sa aplikante ng kompanya. Ang Kabanata 3.1, “Kailangan ba na iulat ng aking kompanya ang kanyang mga aplikante ng kompanya?” ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN](#) ay mayroong karagdagang impormasyon.



[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

E.3. Itinuturing ba na aplikante ng kompanya ang accountant o abogado ko?

Ang accountant o abogado ay puwedeng maging aplikante ng kompanya, depende sa tungkuling ginagampanan nila sa paghahain ng dokumentong lumikha o nagrehistro sa isang kompanyang naghahain ng ulat. Sa maraming sitwasyon, ang mga aplikante ng kompanya ay maaaring magtrabaho sa serbisyo sa pagbuo ng negosyo o sa law firm.

Maaaring aplikante ng kompanya ang accountant o abogado kung sila ay direktang naghain ng dokumentong lumikha o nagrehistro sa kompanyang naghahain ng ulat. Kung higit sa isang tao ang kasama sa paghahain ng pagtatayo o pagpaparehistro ng dokumento, ang accountant o abogado ay maaaring aplikante ng kompanya kung sila ang pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain.

Halimbawa, ang isang abogado sa law firm na nag-aalok ng mga serbisyo sa pagbuo ng negosyo ay maaaring pangunahing responsable sa pangangasiwa sa paghahanda at paghahain ng mga dokumento ng pagkakabuo ng isang kompanyang naghahain ng ulat. Ang isang paralegal sa law firm ay maaaring direktang maghain ng mga dokumento ng pagkakabuo sa kahilingan ng abogado. Sa ilalim ng mga sitwasyong iyon, ang abogado at ang paralegal ay parehong mga aplikante ng kompanya para sa kompanyang naghahain ng ulat.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

E.4. Puwede bang tanggalin ang aplikante ng kompanya sa ulat ng BOI kung ang aplikante ng kompanya ay wala nang kaugnayan sa kompanyang naghahain ng ulat?

Hindi. Ang aplikante ng kompanya ay hindi maaaring tanggalin sa ulat ng BOI kahit na ang aplikante ng kompanya ay wala nang kaugnayan sa kompanyang naghahain ng ulat. Ang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito, ay kinakailangang mag-ulat ng impormasyon ng aplikante ng kompanya sa paunang ulat ng BOI nito, ngunit hindi kinakailangang maghain ng na-update na ulat ng BOI kung magbago ang impormasyon tungkol sa aplikante ng kompanya.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

E.5. Kasama sa mga aplikante ng kompanya ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang indibidwal na “pangunahing responsable sa pagdidirekta ng paghahain ng dokumento sa pagpapatayo o pagpaparehistro.” Ano ang dahilan kung bakit “pangunahing responsable” ang isang indibidwal para sa pagdidirekta ng naturang paghahain?

Sa karamihan, dalawang indibidwal ang kailangang iulat bilang mga aplikante ng kompanya:

1. ang taong direktang naghahain ng dokumento sa isang kalihim ng estado o katulad na tanggapan, at
2. kung higit sa isang tao ang kasama sa paghahain ng dokumento, ang taong pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain.

Para sa mga layunin ng pagtukoy kung sino ang aplikante ng kompanya, hindi mahalaga kung sino ang lumagda sa dokumento ng pagpapatayo o pagpaparehistro, halimbawa, bilang isang incorporator. Upang matukoy kung sino ang pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain ng dokumento, isaalang-alang kung sino ang responsable sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa paghahain ng dokumento, tulad ng kung paano pinamamahalaan ang paghahain, anong nilalaman ang kasama sa dokumento, at kailan at saan nangyayari ang paghahain. Nagbibigay ang sumusunod na tatlong senaryo ng mga halimbawa.

Sitwasyon 1: Isaalang-alang ang isang abogado na kumukumpleto ng isang dokumento sa pagtayo ng kompanya gamit ang impormasyong ibinigay ng isang kliyente, at pagkatapos ay ipapadala ang dokumento sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa korporasyon para sa paghahain sa kalihim ng estado. Sa halimbawang ito:

- Ang abogado ay ang aplikante ng kompanya na pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain dahil inihanda nila ang dokumento ng pagpapatayo at inutusan ang tagapagbigay ng serbisyo sa korporasyon na ihain ito.
- Ang indibidwal sa tagapagbigay ng serbisyo sa korporasyon ay ang aplikante ng kompanya na direktang naghain ng dokumento sa kalihim ng estado.

Sitwasyon 2: Kung inutusan ng abogado ang isang paralegal na kumpletuhin ang paghahanda ng dokumento sa pagpapatayo, sa halip na gawin ito mismo, bago idirekta ang tagapagbigay ng serbisyo sa korporasyon na maghain ng dokumento, mananatiling hindi magababago ang resulta: ang abogado at ang indibidwal sa tagapagbigay ng serbisyo sa korporasyon na naghain ng dokumento ay mga aplikante ng kompanya. Ang paralegal ay hindi isang aplikante ng kompanya dahil mas malaking papel ang ginampanan ng abogado kaysa sa paralegal sa paggawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa paghahain ng dokumento.

Sitwasyon 3: Kung ang kliyente na nagpasimula ng pagpapatayo ng kompanya ay direktang humiling sa tagapagbigay ng serbisyo sa korporasyon na maghain ng dokumento para maitayo ang kompanya, kung gayon, ang kliyente ang pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain, at dapat na iulat ang kliyente bilang isang aplikante ng kompanya, kasama ang indibidwal sa tagapagbigay ng serbisyo sa korporasyon na naghain ng dokumento.

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

E.6. Ang isang third-party na courier o serbisyo sa paghahatid na empleyado na naghahatid lamang ng mga dokumento para sa pagpapatayo o pagpaparehistro ng isang kompanyang naghahain ng ulat ay isa bang aplikante ng kompanya?

Hindi. Hindi isang aplikante ng kompanya ang isang third-party na courier o serbisyo sa paghahatid na empleyado na naghahatid lamang ng mga dokumento sa kalihim ng estado o katulad na tanggapan kung matutugunan nila ang isang kundisyon: ang third-party na courier, ang serbisyo sa paghahatid na empleyado, at anumang serbisyo sa paghahatid na gumagamit sa mga ito ay hindi gumaganap ng anumang iba pang papel sa pagpapatayo o pagpaparehistro ng kompanyang naghahain ng ulat.

Kapag ginagamit lamang ang isang third-party na courier o serbisyo sa paghahatid na empleyado para sa paghahatid, ang indibidwal (hal., sa isang business formation service o law firm) na humiling sa third-party na courier o serbisyo sa paghahatid na maghatid ng dokumento ay karaniwang isang aplikante ng kompanya.

Sa ilalim ng mga regulasyon ng FinCEN, ang isang indibidwal na “direktang naghahain ng dokumento” para sa pagpapatayo o pagpaparehistro ng kompanyang naghahain ng ulat ay isang aplikante ng kompanya. Pinapadali ng mga third-party na courier o serbisyo sa paghahatid na mga empleyado na naghahatid ng mga naturang dokumento ang paghahain ng mga dokumento, ngunit hindi sila itinuturing ng FinCEN bilang mga tagapaghain ng mga dokumento dahil ang koneksyon lamang nila sa pagpapatayo o pagpaparehistro ng kompanyang naghahain ng ulat ay ang pagpapadala ng mga dokumento.

Sa halip, kapag gumagamit ang isang firm ng third-party na courier o serbisyo sa paghahatid, ang aplikante ng kompanya na “direktang naghain” ng dokumento para sa pagpapatayo o pagpaparehistro ay ang indibidwal sa firm na humihiling sa third-party na courier o serbisyo sa paghahatid na ihatid ang mga dokumento.

- Halimbawa, maaaring kasama ang isang abogado sa isang law firm sa paghahanda ng mga incorporation document. Inuutusan ng abogado ang isang paralegal na maghain ng mga dokumento. Maaaring humiling ang paralegal sa isang third-party na serbisyo sa paghahatid na ihatid ang mga incorporation document sa kalihim ng tanggapan ng estado. Ang paralegal ang aplikante ng kompanya na direktang naghahain ng mga dokumento, kahit na ang third-party na serbisyo sa paghahatid ang siyang naghatid ng mga dokumento sa ngalan ng paralegal. Ang abogado sa law firm na kasama sa paghahanda ng mga incorporation document at nag-utos sa paralegal na maghain ng mga dokumento ay magiging aplikante rin ng kompanya dahil ang abogado ang pangunahing responsable sa pagdidirekta o pagkontrol sa paghahain ng mga dokumento.

Sa kabilang banda, kung nagtatrabaho ang isang courier sa isang business formation service, law firm, o iba pang entidad na may ginagampanang papel sa pagpapatayo o pagpaparehistro ng kompanyang naghahain ng ulat, tulad ng pag-draft ng mga nauugnay na dokumento o pag-compile ng impormasyon na isusumite bilang bahagi ng mga dokumentong naihatid, iba ang magiging konklusyon. Isinasaalang-alang ng FinCEN ang naturang courier na direktang naghain ng mga dokumento—at sa gayon ay isang aplikante ng kompanya—dahil sa higit na koneksyon ng courier (sa pamamagitan ng employer ng courier) sa pagpapatayo o pagpaparehistro ng kompanya.

- Halimbawa, ang isang empleyado ng mailroom sa isang law firm ay maaaring pisikal na maghatid ng dokumento sa pagpapatayo ng isang kompanyang naghahain ng ulat sa utos ng isang abogado sa law firm na pangunahing responsable para sa mga desisyon na may kaugnayan sa paghahain. Ang parehong mga indibidwal ang mga aplikante ng kompanya.

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

E.7. Kung gumamit ang isang indibidwal ng automated incorporation service, gaya ng sa pamamagitan ng website o online platform, para ihain ang dokumento sa pagpapatayo o pagpaparehistro para sa isang kompanyang naghahain ng ulat, sino ang aplikante ng kompanya?

Kung nagbibigay lamang ang isang business formation service ng software, mga online na tool, o karaniwang naaangkop na nakasulat na patnubay na ginagamit sa paghahain ng dokumento sa pagpapatayo o pagpaparehistro para sa isang kompanyang naghahain ng ulat, at hindi direktang kasama sa paghahain ng dokumento ang mga empleyado ng serbisyo ng negosyo, hindi mga aplikante ng kompanya ang mga empleyado ng naturang mga serbisyo. Halimbawa, maaaring maghanda at maghain ang isang indibidwal ng mga dokumento upang magpatayo ng sariling kompanyang naghahain ng ulat ng indibidwal sa pamamagitan ng isang automated incorporation service. Sa sitwasyong ito, inuulat lamang ng kompanyang naghahain ng ulat na ito ang indibidwal na iyon bilang isang aplikante ng kompanya.

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

F. Mga Kinakailangang Pag-uulat

F.1. Kailangan ba ng isang kompanyang naghahain ng ulat na mag-ulat ng anumang iba pang impormasyon bilang karagdagan sa impormasyon tungkol sa mga nakikinabang na may-ari nito?

Oo. Ang impormasyong kailangang iulat, gayunpaman, ay depende sa kung kailan itinayo o narehistro ang kompanya.

- Kung itinayo o narehistro ang kompanyang naghahain ng ulat **noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito**, ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa sarili nito, sa kanilang mga nakikinabang na may-ari, **at** aplikante ng kompanya nito.
- Kung ang isang kompanya ay itinayo o narehistro **bago ang** Enero 1, 2024, kailangan lamang ng kompanyang naghahain ng ulat na magbigay ng impormasyon tungkol sa sarili nito at sa kanilang mga nakikinabang na may-ari. Ang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi kinakailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang mga aplikante ng kompanya.

[Inisyu noong Marso 24, 2023]

F.2. Anong impormasyon ang dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa sarili nito?

Ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang mag-ulat ng:

1. Legal na pangalan nito;
2. Anumang trade name, “doing business as” (d/b/a), o “trading as” (t/a) na mga pangalan;
3. Ang kasalukuyang address ng kalye ng pangunahing lugar ng negosyo nito kung nasa Estados Unidos ang address na iyon (halimbawa, punong-tanggapan ng kompanyang naghahain ng ulat sa Estados

Unidos), o, para sa mga kompanyang naghahain ng ulat na ang pangunahing lugar ng negosyo ay nasa labas ng Estados Unidos, kasalukuyang address kung saan isinasagawa ng kompanya ang negosyo sa Estados Unidos (halimbawa, punong-tanggapan ng dayuhang kompanyang naghahain ng ulat sa Estados Unidos);

4. Ang hurisdiksyon nito sa pagbuo o pagpaparehistro; at
5. Ang Numero ng ID ng Nagbabayad ng Buwis (o, numero ng ID sa pagbubuwis na ibinigay ng dayuhang hurisdiksyon at pangalan ng hurisdiksyon, kung hindi binigyan ng TIN ang isang dayuhang kompanyang naghahain ng ulat

Kailangan ding isaad ng isang kompanyang naghahain ng ulat kung ito ba ay naghahain ng paunang ulat, o pagwawasto o update sa naunang ulat.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy ng impormasyong kinakailangang iulat (tingnan ang Kabanata 4.1, “Anong impormasyon ang dapat kong kolektahin tungkol sa aking kompanya, sa mga nakikinabang na may-ari nito, at sa kanyang mga aplikante ng kompanya?”).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

F.3. Anong impormasyon ang kailangang iulat ng kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa nakikinabang na may-ari nito?

Para sa bawat indibidwal na nakikinabang na may-ari, ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang magbigay ng:

1. Pangalan ng indibidwal;
2. Petsa ng kapanganakan;
3. Address ng tirahan; at
4. Isang numero ng pagkakakilanlan mula sa isang tinatanggap na dokumento ng pagkakakilanlan tulad ng pasaporte o lisensya sa pagmamaneho sa Estados Unidos, at pangalan ng estado o hurisdiksyon ng nag-isyu ng dokumento ng pagkakakilanlan (para sa mga halimbawa ng tinatanggap na pagkakakilanlan, tingnan ang Tanong F.5).

Ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangan ding mag-ulat ng larawan ng dokumento ng pagkakakilanlan na ginamit upang makuha ang numero ng pagkakakilanlan sa item 4.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy ng impormasyong kinakailangang iulat (tingnan ang Kabanata 4.1, “Anong impormasyon ang dapat kong kolektahin tungkol sa aking kompanya, sa mga nakikinabang na may-ari nito, at sa kanyang mga aplikante ng kompanya?”).

[Issued September 18, 2023]

F.4. Anong impormasyon ang dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa mga aplikante ng kompanya nito?

Para sa bawat indibidwal na aplikante ng kompanya, ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang magbigay ng:

1. Pangalan ng indibidwal;
2. Petsa ng kapanganakan;
3. Address; at
4. Isang numero ng pagkakakilanlan mula sa isang tinatanggap na dokumento ng pagkakakilanlan tulad ng pasaporte o lisensya sa pagmamaneho sa Estados Unidos, at pangalan ng estado o hurisdiksyon ng nag-isyu ng dokumento ng pagkakakilanlan (para sa mga halimbawa ng tinatanggap na pagkakakilanlan, tingnan ang Tanong F.5).

Ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangan ding mag-ulat ng larawan ng dokumento ng pagkakakilanlan na ginamit upang makuha ang numero ng pagkakakilanlan sa item 4.

Kung ang aplikante ng kompanya ay nagtatrabaho sa pagbuo ng korporasyon—halimbawa, bilang isang abogado o ahente ng pagbuo ng korporasyon—dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang address ng negosyo ng aplikante ng kompanya. Kung hindi, dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang address ng tirahan ng aplikante ng kompanya.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang checklist para makatulong sa pagtukoy ng impormasyong kinakailangang iulat (tingnan ang Kabanata 4.1, “Anong impormasyon ang dapat kong kolektahin tungkol sa aking kompanya, sa mga nakikinabang na may-ari nito, at sa kanyang mga aplikante ng kompanya?”).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

F.5. Ano ang mga tinatanggap na paraan ng pagkakakilanlan na makakatugon sa kinakailangan ng pag-uulat?

Ang Corporate Transparency Act (CTA) ay nangangailangan ng isang natatanging numero ng pagkakakilanlan na makikita sa isa sa mga sumusunod na tinatanggap na paraan ng pagkakakilanlan para sa mga indibidwal:

1. Isang hindi expired na lisensya sa pagmamaneho sa U.S. (kabilang ang anumang lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng commonwealth, teritoryo, o pagmamay-ari ng Estados Unidos);
2. Isang hindi expired na dokumento ng pagkakakilanlan na inisyu ng isang estado o lokal na pamahalaan sa Estados Unidos, o Tribong Indiyano;
3. Isang hindi expired na pasaporte na inisyu ng pamahalaan ng Estados Unidos; o
4. Isang hindi expired na pasaporte na inisyu ng dayuhang pamahalaan (pinahihintulutan lamang kapag wala kahit isa sa tatlong uri ng pagkakakilanlan na nakalista sa itaas).

[Na-update noong Hunyo 10, 2024]

F.6. Mayroon bang kinakailangan para taunang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Wala. Walang taunang kinakailangang pag-uulat. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay dapat maghain ng paunang ulat ng BOI at mga na-update o naiwastong ulat ng BOI kung kinakailangan.

Kabilang sa [*Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad*](#) ng FinCEN ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung kailan maghahain ng mga paunang ulat ng BOI sa Kabanata 5.1, “Kailan dapat maghain ang aking kompanya ng paunang ulat ng BOI?” at kung kailan maghahain ng na-update at iniwastong ulat ng BOI sa Kabanata 6, “Kung may mga pagbabago sa o pagkakamali sa iniulat na impormasyon?”

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

F.7. Kailangan bang mag-ulat ng impormasyon ang isang kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa parent o subsidiary na mga kompanya nito?

Hindi, bagama’t kung may nalalapat na espesyal na panuntunan sa pag-uulat, maaaring iulat ng kompanyang naghahain ng ulat ang pangalan ng isang parent company sa halip na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Karaniwang dapat mag-ulat ng impormasyon ang isang kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa sarili nito, sa mga nakikinabang na may-ari nito, at, para sa mga kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro noong o pagkatapos ng Enero 1, 2024, ang mga aplikante ng kompanya nito. Gayunpaman, sa ilalim ng isang espesyal na alituntunin sa pag-uulat, maaaring iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang pangalan ng parent company bilang kapalit ng impormasyon tungkol sa mga nakikinabang na may-ari nito kung hawak lang ng mga nakikinabang na may-ari nito ang kanilang interes sa pagmamay-ari ng kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng parent company at isang exempted na entidad ang parent company.

Ang Kabanata 4 ng Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN (“Anong partikular na impormasyon ang kailangang iulat ng aking kompanya?”) ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang dapat iulat sa FinCEN. Ang Kabanata 4.2 (“Ano ang iulat ko kung ang isang espesyal na alituntunin sa pag-uulat ay nalalapat sa aking kompanya?”) ay partikular na nagbibigay ng mga detalye tungkol sa kung anong impormasyon ang dapat iulat alinsunod sa mga espesyal na alituntunin sa pag-uulat.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

F.8. Maaari bang mag-ulat ang isang kompanyang naghahain ng ulat ng isang P.O. box bilang kasalukuyang address nito?

Hindi. Ang address ng kompanyang naghahain ng ulat ay dapat na isang address ng kalye sa U.S. at hindi maaaring isang P.O. box.

Kasama sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang dapat iulat sa Kabanata 4, “Anong partikular na impormasyon ang kailangang iulat ng aking kompanya?”

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

F.9. Natugunan ko ba ang obligasyon sa pag-uulat ng BOI ng FinCEN kung naghain ako ng form o ulat na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa isang tanggapan ng estado, pinansyal na institusyon, o IRS?

Hindi. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay dapat direktang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Nagpatupad ng batas ang Kongreso, ang Corporate Transparency Act, na nangangailangan ng direktang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Ang mga estado o lokal na pamahalaan, pinansyal na institusyon, at iba pang pederal na ahensya, gaya ng IRS, ay maaaring hiwalay na hilingin sa mga entidad na mag-ulat ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Gayunpaman, ayon sa batas, ang mga kinakailangang iyon ay hindi isang substitute para sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

F.10. Kung ang tinatanggap na dokumento ng pagkakakilanlan ng isang nakikinabang na may-ari o aplikante ng kompanya ay walang kasamang litrato para sa mga panrelihiyong kadahilanan, tatanggapin ba ng FinCEN ang dokumento ng pagkakakilanlan nang walang litrato?

Oo. Kung ang dokumento ng pagkakakilanlan ng isang nakikinabang na may-ari o aplikante ng kompanya ay walang kasamang litrato para sa mga panrelihiyong kadahilanan, ang kompanyang naghahain ng ulat ay maaari pa ring magsumite ng larawan ng dokumentong iyon ng pagkakakilanlan kapag nagsusumite ng ulat nito, hangga't isa sa mga uri ng pagkakakilanlan na tinatanggap ng FinCEN ang dokumento ng pagkakakilanlan, gaya ng isang hindi expireg na dokumento ng pagkakakilanlan na ibinigay ng Estado. Mangyaring tingnan ang Tanong F.5 para sa listahan ng mga tinatanggap na dokumento ng pagkakakilanlan.

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

F.11. Anong address ng tirahan ang dapat iulat kung kinakailangan ng isang kompanyang naghahain ng ulat na iulat ang address ng tirahan ng isang indibidwal, ngunit walang permanenteng tirahan ang indibidwal na iyon?

Ang kasalukuyang address ng tirahan sa panahon ng paghahain ay dapat iulat sa FinCEN. Dapat isumite ang isang na-update na ulat sa loob ng 30 araw ng kalendaryo kung ang address, o anumang iba pang impormasyong naunang naiulat, ay nagbago.

Kasama sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung anong impormasyon ang dapat iulat sa Kabanata 4, "Anong partikular na impormasyon ang kailangang iulat ng aking kompanya?" at ano ang gagawin kapag ang naunang naiulat na impormasyon ay kailangang i-update sa Kabanata 6.1 "Ano ang dapat kong gawin kung magbabago ang naunang naiulat na impormasyon?"

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

F.12. Anong address ang dapat iulat ng kompanyang naghahain ng ulat kung wala itong pangunahing lugar ng negosyo sa Estados Unidos?

Kung walang pangunahing lugar ng negosyo sa Estados Unidos ang isang kompanyang naghahain ng ulat, dapat iulat ng kompanya sa FinCEN bilang address nito ang pangunahing lokasyon sa Estados Unidos kung saan ito nagsasagawa ng negosyo.

Kung walang pangunahing lugar ng negosyo sa Estados Unidos ang isang kompanyang naghahain ng ulat at nagsasagawa ng negosyo sa higit sa isang lokasyon sa loob ng Estados Unidos, maaaring iulat ng kompanyang naghahain ng ulat bilang pangunahing lokasyon nito ang address ng alinman sa mga lokasyong iyon kung saan natatanggap ng kompanyang naghahain ng ulat ang mahalagang pakikipag-ugnayan sa sulat.

Kung walang pangunahing lugar ng negosyo sa Estados Unidos ang isang kompanyang naghahain ng ulat at hindi nagsasagawa ng mga business function sa anumang lokasyon sa Estados Unidos, kung gayon, ang pangunahing lokasyon nito ay ang address sa Estados Unidos ng tao na itinalaga ng kompanyang naghahain ng ulat, sa ilalim ng Estado o iba pang naaangkop na batas, na tumanggap ng serbisyo ng legal na proseso sa ngalan nito. Sa ilang hurisdiksyon, ang taong ito ay tinutukoy bilang nakarehistrong ahente ng kompanyang naghahain ng ulat, o tinutukoy ang address bilang nakarehistrong tanggapan. Dapat iulat ng naturang kompanyang naghahain ng ulat ang address na ito sa FinCEN bilang address nito.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

F.13. Anong uri ng numero ng ID sa pagbubuwis ang dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat kung saan hindi binubuwisan (disregarded) para sa mga layunin ng pagbubuwis sa U.S.?

Ang isang entidad na hindi binubuwisan para sa mga layunin ng pagbubuwis sa U.S.—isang “hindi binubuwisang entidad”—ay hindi itinuturing bilang isang entidad na hiwalay sa may-ari nito para sa mga layunin ng pagbubuwis sa U.S. Sa halip na hiwalay na bubuwisan ang isang hindi binubuwisang entidad, iuulat ng may-ari ng entidad ang kita at mga deduction (pagbabawas) ng entidad bilang bahagi ng pederal na tax return ng may-ari.

Ang isang hindi binubuwisang entidad ay dapat mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari (beneficial ownership information o BOI) sa FinCEN kung isa itong kompanyang naghahain ng ulat (tingnan ang Tanong C.1). Dapat magbigay ang nasabing kompanyang naghahain ng ulat ng isa sa mga sumusunod na uri ng mga numero ng ID ng nagbabayad ng buwis (taxpayer identification number o TIN) sa ulat ng BOI nito kung nabigyan ng TIN: isang Numero ng ID ng Employer (Employer Identification Number o EIN); isang Numero ng Social Security (Social Security Number o SSN); o isang Numero ng ID ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number o ITIN). Kung ang isang dayuhang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi binigyan ng TIN, dapat itong magbigay ng numero ng ID sa pagbubuwis na ibinigay ng isang dayuhang hurisdiksyon at ang pangalan ng hurisdiksyon na iyon.

Alinsunod sa mga alituntunin ng Internal Revenue Service (IRS) tungkol sa paggamit ng mga TIN, maaaring iulat ang iba't ibang uri ng numero ng ID sa pagbubuwis para sa mga hindi binubuwisang entidad sa ilalim ng iba't ibang sitwasyon:

- Kung ang hindi binubuwisang entidad ay may sariling EIN, maaari nitong iulat ang EIN na iyon bilang TIN nito. Kung walang EIN ang hindi binubuwisang entidad, hindi kinakailangang kumuha nito para matugunan ang mga kinakailangan sa pag-uulat ng BOI nito hangga't maaari itong magbigay ng ibang uri ng TIN o, kung hindi nagbigay ng TIN ang isang dayuhang kompanyang naghahain ng ulat, isang numero ng ID sa pagbubuwis na ibinigay ng dayuhang hurisdiksyon at ang pangalan ng hurisdiksyon na iyon.
- Kung isang single-member limited liability company (LLC) ang hindi binubuwisang entidad o kung hindi man ay mayroong isang may-ari lamang na indibidwal na may SSN o ITIN, maaaring iulat ng hindi binubuwisang entidad ang SSN o ITIN ng indibidwal na iyon bilang TIN nito.
- Kung ang hindi binubuwisang entidad ay pagmamay-ari ng isang entidad sa U.S. na may EIN, maaaring iulat ng hindi binubuwisang entidad ang EIN ng ibang entidad bilang TIN nito.
- Kung ang hindi binubuwisang entidad ay pagmamay-ari ng isa pang hindi binubuwisang entidad o isang chain ng mga hindi binubuwisang entidad, maaaring iulat ng hindi binubuwisang entidad ang TIN ng unang may-ari sa hanay ng mga hindi binubuwisang entidad na may TIN bilang TIN nito.

Gaya ng ipinaliwanag sa itaas, ang hindi binubuwisang entidad na isang kompanyang naghahain ng ulat ay dapat mag-ulat ng isa sa mga numero ng ID sa pagbubuwis na ito kapag nag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN.

[Inisyu noong Hulyo 24, 2024]

G. Paunang Ulat

G.1. Kailan ako dapat maghain sa FinCEN ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?


Kung naitayo na ang iyong kompanya bago ang Enero 1, 2024, dapat itong maghain ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito bago lumipas ang Enero 1, 2025.

Kung itinayo o narehistro ang iyong kompanya noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito, at bago ang Enero 1, 2025, dapat itong maghain ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito sa loob ng 90 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang aktuwal o pampublikong abiso na ang pagtatayo o pagpaparehistro nito ay may bisa na. Sa partikular na paraan, magsisimula ang deadline na 90 araw sa kalendaryo sa oras na matanggap ng kompanya ang aktuwal na abiso na ang pagtatayo o pagpaparehistro nito ay may bisa na, o pagkatapos magbigay muna ng pampublikong abiso ang kalihim ng estado o ang katulad na tanggapan tungkol sa pagtatayo o pagpaparehistro nito, alinman ang mas nauna.

Kung itinayo o narehistro ang iyong kompanya noong Enero 1, 2025 o pagkalipas nito, dapat itong maghain ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang aktuwal o pampublikong abiso na ang pagtatayo o pagpaparehistro nito ay may bisa na. Itinatakda ng sumusunod ang mga timeline ng paunang ulat.



Ang kinakailangang pag-uulat ay may bisa na sa Enero 1, 2024. Ang FinCEN ay magsisimulang tumanggap ng mga ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa petsang iyon



MGA PAUNANG ULAT

Kinakailangan ng lahat ng kompanya na nakatutugon sa kahulugan ng **kompanyang naghahain ng ulat** at hindi **exempted** mula sa kahulugang iyon



Umiiral na mga kompanyang naghahain ng ulat

*Itinayo o narehistro para magnegosyo sa Estados Unidos bago ang Enero 1, 2024. Inaasahan ang mga ulat sa **Enero 1, 2025**.*



Mga bagong kompanyang naghahain ng ulat

*Itinayo o narehistro para magnegosyo sa Estados Unidos noong Enero 1, 2024 o pagkalipas nito. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro noong **Enero 1, 2024** o **pagkalipas nito** at **bago ang Enero 1, 2025**, ay mayroong **90 araw sa kalendaryo** pagkatapos matanggap ang aktuwal o pampublikong abiso na ang pagtatayo o pagpaparehistro ng kanilang kompanya ay may bisa na para maghain ng kanilang mga paunang ulat ng BOI.*

*Ang mga kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro **noong Enero 1, 2025** o **pagkalipas nito**, ay mayroong **30 araw sa kalendaryo** mula sa pagkatanggap ng aktuwal o pampublikong abiso na ang kanilang pagtatayo o pagpaparehistro ay may bisa na para maghain ng kanilang mga paunang ulat ng BOI.*

Ang Kabanata 5.1 “Kailan dapat maghain ang aking kompanya ng paunang ulat ng BOI nito?” ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ay may karagdagang impormasyon tungkol sa mga timeline ng pag-uulat.

[Na-update noong Disyembre 1, 2023]

G.2. Puwede bang maghain ang parent company ng nag-iisang ulat ng BOI para sa grupo ng mga kompanya nito?

Hindi. Anumang kompanya na nakakatugon sa kahulugan ng kompanyang naghahain ng ulat at hindi exempted ay kailangang maghain ng sarili nitong ulat ng BOI.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

G.3. Paano ako mabilis na makakakuha ng numero ng ID sa pagbubuwis para sa isang bagong kompanya upang makapaghain ako ng paunang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa tamang oras?

Dapat magbigay ang isang kompanyang naghahain ng ulat ng isa sa mga sumusunod na uri ng mga numero ng ID ng nagbabayad ng buwis (taxpayer identification number o TIN) sa ulat ng BOI nito kung nabigyan ng TIN: isang Numero ng ID ng Employer (Employer Identification Number o EIN); isang Numero ng Social Security (Social Security Number o SSN); o isang Numero ng ID ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number o ITIN). Kung ang isang dayuhang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi binigyan ng TIN, dapat itong magbigay ng numero ng ID sa pagbubuwis na ibinigay ng isang dayuhang hurisdiksyon at ang pangalan ng hurisdiksyon na iyon.

Nag-aalok ang Internal Revenue Service (IRS) ng libreng online na pag-apply para sa isang EIN, na ibinibigay kaagad pagkatapos maisumite ang aplikasyon. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang “Taxpayer Identification Numbers (TIN)” sa IRS.gov (<https://www.irs.gov/individuals/international-taxpayers/taxpayer-identification-numbers-tin>).

Para sa karagdagang impormasyon partikular na sa Mga Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer (Employer Identification Numbers), at para ma-access ang pag-apply ng EIN online, tingnan ang “Apply for an Employer Identification Number (EIN) Online” (Mag-apply para sa Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer (Employer Identification Number o EIN) Online) sa IRS.gov (<https://www.irs.gov/businesses/small-businesses-self-employed/apply-for-an-employer-identification-number-ein-online>).

Dapat na magamit ng karamihan sa mga kompanyang naghahain ng ulat ang pag-apply ng EIN online upang mag-apply para sa kanilang EIN. Gayunpaman, maaaring may mga sitwasyon kung saan ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangang maghain ng Form SS-4, Application for Employer Identification Number (Pag-apply para sa Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer) (<https://www.irs.gov/pub/irs-pdf/fss4.pdf>), para makakuha ng EIN. Sa partikular, kung ang responsableng partido para sa aplikante ay isang dayuhang tao na walang SSN o ITIN, hindi nila magagamit ang portal sa pag-apply online. Para sa impormasyon tungkol sa pagkumpleto at pagsusumite ng Form SS-4 sa pamamagitan ng koreo para sa fax, tingnan ang Instructions to Form SS-4 (Mga Tagubilin sa Form SS-4) (<https://www.irs.gov/instructions/iss4>).

Para sa Mga Form SS-4 na isinumite sa pamamagitan ng fax, dapat na karaniwang matatanggap ng mga aplikante ang kanilang EIN sa loob ng 4 na araw na may trabaho. Para sa Mga Form SS-4 na isinumite sa pamamagitan ng koreo, dapat matanggap ng mga aplikante ang kanilang EIN sa loob ng 4-5 linggo. Gayunpaman, sa ilang mga sitwasyon, maaaring tumagal nang anim hanggang walong linggo bago makatanggap ng EIN. Kaya, sa ilang limitadong sitwasyon, maaaring hindi makuha ng kompanyang naghahain ng ulat na walang ibang numero ng ID sa pagbubuwis ang EIN nito sa deadline ng paghahain ng ulat ng BOI nito.

Dapat iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang numero ng ID sa pagbubuwis nito kapag nag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN at sa katunayan ay hindi makakapagsumite ng ulat ng BOI nito nang hindi kasama

ang numero ng ID ng pagbubuwis. Sa ganitong mga sitwasyon, bilang karagdagan sa paggawa ng lahat ng makatwirang pagsisikap na ihain ang ulat ng BOI nito sa isang napapanahong paraan (kabilang ang paghiling ng lahat ng kinakailangang impormasyon sa lalong madaling panahon), ang kompanyang naghahain ng ulat ay dapat maghain ng ulat sa sandaling matanggap ang EIN nito. Bilang pinakamahusay na kasanayan, maaaring isaalang-alang ng kompanyang naghahain ng ulat ang pagpapanatili ng dokumentasyong nauugnay sa mga pagsisikap nitong sumunod sa mga iniaatas sa pag-uulat ng BOI sa isang napapanahong paraan

[Na-update noong Hulyo 24, 2024]

G.4. Kasama ba dapat sa paunang ulat ng BOI ang mga kasaysayan ng nakikinabang na may-ari ng isang kompanyang naghahain ng ulat, o ang mga nakikinabang na may-ari lamang sa oras ng paghahain?

Ang kasama lang dapat sa paunang ulat ng BOI ay mga nakikinabang na may-ari mula sa oras ng paghahain. Dapat abisuhan ng mga kompanyang naghahain ng ulat ang FinCEN kapag may mga pagbabago sa mga nakikinabang na may-ari at nauugnay na BOI sa pamamagitan ng mga na-update na ulat.

Kabilang sa [*Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad*](#) ng FinCEN ang higit pang impormasyon tungkol sa kung kailan maghahain ng na-update o iniwastong ulat ng BOI sa Kabanata 6, “Paano kung may mga pagbabago o pagkakamali sa mga iniulat na impormasyon?”

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

G.5. Paano natutukoy ng isang Kompanya ang petsa ng paglikha o pagpaparehistro pagkatapos ng Enero 1, 2024?

Ang petsa ng pagtayo o pagpaparehistro para sa isang kompanyang naghahain ng ulat ay ang mas maaga sa petsa kung kailan: (1) nakatanggap ang kompanyang naghahain ng ulat ng aktwal na abiso na ang pagtayo nito (o pagpaparehistro) ay nagkaroon ng bisa; o (2) nagbigay muna ang kalihim ng estado o katulad na tanggapan ng pampublikong abiso, tulad ng sa pamamagitan ng isang pampublikong naa-access na registry, kung saan itinayo ang lokal na kompanyang naghahain ng ulat o narehistro ang dayuhang kompanyang naghahain ng ulat.

Kinikilala ng FinCEN na mayroong iba’t ibang kasanayan ng paghahain sa estado. Sa ilang partikular na estado, ang mga automated system ay nagbibigay ng abiso ng paglikha o pagpaparehistro sa mga bagong likha o nakarehistrong kompanya. Sa ibang estado, walang aktwal na abiso ng paglikha o pagpaparehistro ang ibinibigay, at nakakatanggap ng abiso ang mga bagong likhang kompanya sa pamamagitan ng pampublikong pag-post ng mga talaan ng estado. Naniniwala ang FinCEN na ang mga indibidwal na nagtayo o nagparehistro ng mga kompanyang naghahain ng ulat ay malamang na mananatiling may alam tungkol sa pagpapatayo o pagpaparehistro ng mga abiso o publikasyon, dahil sa interes ng mga indibidwal na iyon sa pagtatatag ng isang operating business o pakikibahagi sa aktibidad kung saan itinayo ang kompanyang naghahain ng ulat.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

G. 6. Ang isang kompanyang itinayo o narehistro bago ang Enero 1, 2024, at exempted sa mga kinakailangang pag-uulat ng BOI ay mawawalan ng katayuan sa pagiging exempted nito sa pagitan ng Enero 1, 2024, at Enero 1, 2025. Gaano katagal kailangang ihain ng naghahain ng ulat na kompanya ang paunang ulat ng BOI nito?

Karaniwan, ang kompanyang nawala ang exempted na katayuan nito ay dapat maghain ng ulat ng BOI sa FinCEN sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa na hindi na nito natutugunan ang pamantayan para sa anumang eksemsyon. Gayunpaman, ang isang kompanyang naghahain ng ulat na itinayo o narehistro para magnegosyo bago ang Enero 1, 2024, ay mayroong hanggang Enero 1, 2025, upang maghain ng paunang ulat ng BOI nito.

Natukoy ng FinCEN na makakatanggap ng benepisyo ang mga dating exempted na entidad na umiiral bago ang 2024 at nawala ang kanilang katayuan ng pagiging exempted noong 2024 ng alinman sa dalawang timeframe na ito ang mas matagal: (1) ang natitirang mga araw sa isang taon ng panahon ng paghahain para sa mga kasalukuyang kompanya; o (2) ang 30-araw ng kalendaryo para sa mga kompanyang nawala ang kanilang katayuan ng pagiging exempted.

Kaya, halimbawa, kung ang isang kasalukuyang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi na magiging exempted sa Pebrero 1, 2024, magkakaroon ang kompanya nang hanggang Enero 1, 2025, upang maghain ng paunang ulat ng BOI nito. Kung ang kompanya ay hindi na magiging exempted sa Disyembre 15, 2024, magkakaroon ang kompanya nang hanggang Enero 14, 2025, upang maghain ng paunang ulat ng BOI nito.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

H. Na-update na Ulat

H.1. Ano ang gagawin ko kung ang dating iniulat na impormasyon ay nagbago?

Kung mayroong **anumang pagbabago** sa kinakailangang impormasyon hinggil sa iyong kompanya o sa mga nakikinabang na may-ari nito sa ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na inihain ng iyong kompanya, dapat maghain ang iyong kompanya ng na-update na ulat nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa ng pagbabago.

Ang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi kinakailangang maghain ng na-update na ulat para sa anumang pagbabago sa dating iniulat na impormasyon tungkol sa aplikante ng kompanya.

Ang sumusunod na infographic ay nagtatakda sa **mga timeline ng na-update na ulat**.



MGA NA-UPDATE NA ULAT

Kinakailangan kapag may pagbabago sa naunang iniulat na impormasyon tungkol sa iniulat na impormasyon tungkol sa mismong kompanyang nag-uulat o sa mga nakikinabang na may-ari nito.

Mga na-update na ulat na dapat isumite sa loob ng **30 araw ng kalendaryo** pagkatapos maganap ang isang pagbabago.

Kabanata 6.1, Ang “Ano ang dapat kong gawin kung nabago ang dati kong iniulat na impormasyon?” ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

H.2. Ano ang ilan sa posibleng mag-udyok para kailanganing i-update ang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa ng mga pagbabago na mangangailangan ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari:

- Anumang pagbabago sa impormasyong iniulat para sa kompanyang naghahain ng ulat, gaya ng pagpaparehistro ng bagong pangalan ng negosyo.
- Pagbabago sa mga nakikinabang na may-ari, tulad ng bagong CEO, o pagbebenta na nagbabago kung sino ang nakakatugon sa threshold ng interes sa pagmamay-ari na 25 porsiyento (tingnan ang Tanong D.4 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga interes sa pagmamay-ari).
- Anumang pagbabago sa pangalan, address, o natatanging numero ng pagkakakilanlan ng isang nakikinabang na may-ari na dating ibinigay sa FinCEN. Kung ang isang nakikinabang na may-ari ay nakakuha ng bagong lisensya sa pagmamaneho o iba pang dokumento ng pagkakakilanlan na may kasamang pinalitan na pangalan, address, o numero ng pagkakakilanlan, ang kompanyang naghahain ng ulat ay kailangan ding maghain sa FinCEN ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, kabilang ang larawan ng bagong dokumento ng pagkakakilanlan.

Ang [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ay nagbibigay ng karagdagang patnubay sa mga trigger na nangangailangan ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari (tingnan ang Kabanata 6.1 “Ano ang dapat kong gawin kung may nabago sa dati kong iniulat na impormasyon?”).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

H.3. Kinakailangan ba ang na-update na ulat ng BOI kapag nagbago ang uri ng interes sa pagmamay-ari na mayroon ang isang nakikinabang na may ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat?

Hindi. Ang pagbabago sa uri ng interes sa pagmamay-ari na mayroon ang nakikinabang na may-ari sa isang kompanyang naghahain ng ulat—halimbawa, isang conversion ng mga gustong share sa karaniwang stock—ay hindi nangangailangan sa kompanyang naghahain ng ulat na maghain ng na-update na ulat ng BOI dahil hindi hinihiling ng FinCEN sa mga kompanya na iulat ang uri ng interes. Kinakailangan ang mga na-update na ulat ng BOI kapag nagbago ang impormasyong iniulat sa FinCEN tungkol sa kompanyang naghahain ng ulat o sa mga nakikinabang na may-ari nito.

Kasama sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ang karagdagang impormasyon kung kailan at paano dapat i-update ng mga kompanyang naghahain ng ulat ang impormasyon sa Kabanata 6, “Paano kung may mga pagbabago sa o mga pagkakamali sa iniulat na impormasyon?”

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

H.4. Kung kailangang i-update ng kompanyang naghahain ng ulat ang isang piraso ng impormasyon sa isang ulat ng BOI, gaya ng legal na pangalan nito, kailangan bang punan ng kompanyang naghahain ng ulat ang isang buong bagong ulat ng BOI?

Ang na-update na ulat ng BOI ay nangangailanagn na maisumite ang lahat ng field, kabilang ang mga na-update na piraso ng impormasyon. Halimbawa, kung babaguhin ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang legal na pangalan nito, kakailanganin ng kompanyang naghahain ng ulat na maghain ng na-update na ulat ng BOI upang isama ang bagong legal na pangalan at ang naunang iniulat, hindi nabagong impormasyon tungkol sa kompanya, ang mga nakikinabang na may-ari nito, at, kung kinakailangan, ang mga aplikante ng kompanya.

Ang isang kompanyang naghahain ng ulat na naghain ng naunang ulat ng BOI nito gamit ang napupunan na bersyon ng PDF ay maaaring i-update ang naka-save na kopya nito at muling isumite sa FinCEN. Kung ginamit ng kompanyang naghahain ng ulat ang web-based na application ng FinCEN para isumite ang naunang ulat ng BOI, kakailanganin nitong magsumite ng bagong ulat sa kabuuan nito sa pamamagitan ng pag-access sa web-based na application ng FinCEN para makumpleto at maihain ang ulat ng BOI, o sa pamamagitan ng paggamit ng PDF na opsyon upang kumpletuhin ang ulat ng BOI at i-upload sa BOI e-Filing application.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

H.5. Maaari bang magsumite ang isang tagapaghain ng huling na-update na ulat ng BOI?

Maaaring isumite ang isang na-update na ulat ng BOI sa FinCEN anumang oras. Gayunpaman, responsibilidad ng kompanyang naghahain ng ulat na tiyaking naihain ang mga update sa loob ng 30 araw pagkatapos ng pagbabagong naganap. Kung nakipag-ugnayan ang isang kompanyang naghahain ng ulat sa isang third-party na tagapagbigay ng serbisyo para maghain ng mga ulat ng BOI at update sa

ngalan nito, dapat nitong ipaalam sa third-party na tagapagbigay ng serbisyo ang anumang pagbabago sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito nang may sapat na panahon upang matugunan ang 30-araw na deadline.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

H.6 Kung huling naghain ang isang kompanyang naghahain ng ulat ng “bagong exempted na entidad” na ulat ng BOI pero pagkatapos ay nawala ang katayuan nito sa pagiging exempted, ano ang dapat nitong gawin?

Ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay dapat maghain ng na-update na ulat ng BOI sa FinCEN kasama ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ng kompanya kapag natukoy nitong hindi na ito kwalipikado para sa isang eksemsyon.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

I. Iniwastong Ulat

I.1. Ano ang dapat kong gawin kung nalaman ko ang pagkakamali sa isang ulat?

Kung hindi tumpak ang ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, dapat itong iwasto ng iyong kompanya nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa na nalaman ng iyong kompanya ang

pagkakamali o may dahilan para malaman ito. Kabilang dito ang anumang pagkakamali sa kinakailangang impormasyong ibinigay tungkol sa iyong kompanya, mga nakikinabang na may-ari nito, o aplikante ng kompanya. Ang sumusunod na infographic ay nagtatakda sa **mga timeline ng iniwastong ulat**.



MGA INIWASTONG ULAT

Kinakailangan kapag ang dating iniulat na impormasyon ay may mali noong inihain ito at nananatiling may mali.



Mga iniwastong ulat na inaasahan sa loob ng **30 araw sa kalendaryo** pagkatapos malaman ng kompanyang naghahain ng ulat o may dahilan para malaman ang pagkakamali.

Kabilang sa Kabanata 6.2, “Ano ang dapat kong gawin kung nalaman ko ang pagkakamali sa isang ulat?” ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang karagdagang impormasyon hinggil sa pagwawasto ng mga maling ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na inihain sa FinCEN.

[Na-update noong Setyembre 29, 2023]

J. Ulat ng Entidad na Bago lang Naging Exempted

J.1. Ano ang gagawin ng kompanyang naghahain ng ulat kapag naging exempted ito pagkatapos maghain ng ulat?

Kapag naghain ng ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ang kompanyang naghahain ng ulat ngunit naging exempted sa paghahain ng ulat, dapat maghain ang kompanya ng na-update na ulat na nagsasaad na hindi na ito kompanyang naghahain ng ulat. Kailangan lamang sa isang na-update na ulat ng BOI para sa entidad na bago lang naging exempted na: (1) tukuyin ng entidad ang sarili nito; at (2) lagyan ng tsek ang kahon na nagsasaad ng katayuan nito na bago lang naging exempted.

Ang Kabanata 6.3, “Ano ang dapat gawin ng aking kompanya kung naging exempted ito pagkatapos maghain ng ulat?” ng [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ay may karagdagang impormasyon.

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

K. Pagsunod/Pagpapatupad

K.1. Ano ang mangyayari kung ang isang kompanyang naghahain ng ulat ay hindi mag-ulat sa FinCEN ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari o nabigong i-update o iwasto ang impormasyon sa loob ng kinakailangang takdang panahon?

Nagsisikap ang FinCEN upang matiyak na alam ng mga kompanyang naghahain ng ulat ang kanilang mga obligasyong mag-ulat, mag-update, at magwasto ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Nauunawaan ng FinCEN na ito ay isang bagong kinakailangan. Kapag iniwasto mo ang pagkakamali o pagkukulang sa loob ng 90 araw ng deadline para sa orihinal na ulat, maaari mong maiwasan na magkamulta.

Gayunpaman, puwedeng maharap ka sa mga parusang sibil at parusang kriminal kapag binalewala mo ang iyong mga obligasyon sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

Ang [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatupad ng kinakailangan (tingnan ang Kabanata 1.3, “Ano ang mangyayari kapag hindi nag-ulat ang aking kompanya ng BOI sa kinakailangang takdang panahon?”).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

K.2. Anong mga parusa ang kinakaharap ng mga indibidwal para sa paglabag sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng BOI?

Gaya ng tinukoy sa Corporate Transparency Act, ang isang tao na sadyang lumalabag sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng BOI ay maaaring sumailalim sa mga parusang sibil na hanggang \$500 para sa bawat araw na magpapatuloy ang paglabag.

Gayunpaman, isinasaayos ang halaga ng parusang sibil na ito taun-taon para sa inflation. Sa panahon ng publikasyon ng FAQ na ito, ang halagang ito ay \$591.

Ang taong sadyang lumalabag sa mga kinakailangang pag-uulat ng BOI ay maaari ring mapatawan ng mga parusang kriminal na hanggang dalawang taong pagkakulong at multa na hanggang \$10,000. Kabilang sa mga potensyal na paglabag ang sadyang hindi paghahain ng ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, sinasadyang paghahain ng maling impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, o sadyang hindi pagwawasto o pag-update ng naunang naiulat na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

[Na-updat noong Abril 18, 2024]

K.3. Sino ang maaaring managot para sa paglabag sa mga iniaatas sa pag-uulat ng BOI?

Maaaring managot ang parehong indibidwal at entidad na korporasyon para sa mga sadyang paglabag. Maaaring kasama dito hindi lamang ang isang indibidwal na aktwal na naghahain (o nagtatangkang maghain) ng maling impormasyon sa FinCEN, kundi pati na rin ang sinumang sadyang nagbibigay sa tagapaghain ng maling impormasyon upang iulat. Maaari ring managot ang parehong indibidwal at entidad na korporasyon para sa sadyang hindi pag-uulat ng kumpleto o na-update na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari; sa ganitong mga sitwasyon, maaaring managot ang mga indibidwal kung sila ang naging sanhi ng kabiguan o isang nakatataas na opisyal sa kompanya sa oras ng kabiguan.

i. Maaari bang managot ang isang indibidwal na naghain ng ulat sa ngalan ng isang kompanyang naghahain ng ulat?

Oo. Ang isang indibidwal na sadyang naghain ng mali o pekeng ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari para sa isang kompanya ay maaaring sumailalim sa parehong parusang sibil at parusang kriminal gaya ng kompanyang naghahain ng ulat at ng mga nakatataas na opisyal nito.

ii. Maaari bang managot ang isang nakikinabang na may-ari o aplikante ng kompanya para sa pagtanggì na magbigay ng kinakailangang impormasyon sa isang kompanyang naghahain ng ulat?

Oo. Gaya ng inilarawan sa itaas, maaaring magsampa ng aksyon sa pagpapatupad laban sa isang indibidwal na sadyang nagsasanhi ng kabiguan ng isang kompanyang naghahain ng ulat na magsumite ng kumpleto o na-update na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Kasama dito ang isang nakikinabang na may-ari o aplikante ng kompanya na sadyang nabigo na magbigay ng kinakailangang impormasyon sa isang kompanyang naghahain ng ulat.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

K.4. Responsibilidad ba ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang pagtiyak sa katumpakan ng impormasyong iniulat nito sa FinCEN, kahit na nakuha ng kompanyang naghahain ng ulat ang impormasyong iyon mula sa ibang partido?

Oo. Responsibilidad ng kompanyang naghahain ng ulat na tukuyin ang mga nakikinabang na may-ari nito at mga aplikante ng kompanya, at iulat ang mga indibidwal na iyon sa FinCEN. Sa panahon ng paghahain, hinihiling sa bawat

kompanyang naghahain ng ulat na patunayan na ang ulat o aplikasyon nito ay totoo, tama, at kumpleto. Alinsunod dito, inaasahan ng FinCEN na ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay mag-iingat upang i-verify ang impormasyong natatanggap nila mula sa kanilang mga nakikinabang na may-ari at aplikante ng kompanya bago ito iulat sa FinCEN.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

K.5. Ano ang dapat gawin ng isang kompanyang naghahain ng ulat kung hindi ibibigay ng isang nakikinabang na may-ari o aplikante ng kompanya ang impormasyon?

Bagama't kinikilala ng FinCEN na ang karamihan sa impormasyong kinakailangang iulat tungkol sa mga nakikinabang na may-ari at aplikante ng kompanya ay ibibigay sa mga kompanyang naghahain ng ulat ng mga indibidwal na iyon, responsibilidad ng mga kompanyang naghahain ng ulat na tiyakin na maisumite nila ang kumpleto at tumpak na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN. Simula sa Enero 1, 2024, legal na hihilingin sa mga kompanyang naghahain ng ulat na mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa FinCEN.

Dapat makipag-ugnayan ang mga kasalukuyang kompanyang naghahain ng ulat sa kanilang mga nakikinabang na may-ari upang payuhan sila tungkol sa pangangailangang ito, magkaroon ng kinakailangang impormasyon, at baguhin o isaalang-alang ang paglalagay ng mga mekanismo para tiyakin na ang mga nakikinabang na may-ari ay patuloy na magbibigay alam sa mga kompanyang naghahain ng ulat tungkol sa mga pagbabago sa iniulat na impormasyon, kung kinakailangan. Dapat ding malaman ng mga nakikinabang na may-ari at aplikante ng kompanya na maaari silang maharap sa mga parusa kung sinadya nilang mabigo ang isang kompanyang naghahain ng ulat na mag-ulat ng kumpleto o na-update na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

Ang mga taong pinag-iisipang lumikha o magrehistro ng mga legal na entidad na magiging mga kompanyang naghahain ng ulat ay dapat gumawa ng mga hakbang para matiyak na may access sila sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na kinakailangan upang maiulat sa FinCEN. At mayroon silang mga mekanismo upang matiyak na ang kompanyang naghahain ng ulat ay pinananatiling may alam sa mga pagbabago sa impormasyong iyon.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

L. Mga Eksemsyon ng Kompanyang Naghahain ng Ulat

L.1. Ano ang mga pamantayan para sa eksemsyon ng entidad na hindi binubuwisan mula sa kinakailangang pag-uulat ng impormasyon sa nakikinabang na may-ari??

Ang isang entidad ay kwalipikado para sa eksemsyon ng entidad na hindi binubuwisan kung nalalapat ang **alinman** sa mga sumusunod na apat na pamantayan:

- | |
|--|
| (1) Ang entidad ay isang organisasyon na inilarawan sa seksyon 501(c) ng Internal Revenue Code of 1986 (Code) ((tinukoy nang hindi isinasaalang-alang ang seksyon 508(a) ng Code) at exempted sa pagbubuwis sa ilalim ng seksyon 501(a) ng Code . |
| (2) Ang entidad ay isang organisasyon na inilarawan sa seksyon 501(c) ng Code , at exempted sa pagbubuwis sa ilalim ng seksyon 501(a) n Code , ngunit nawala ang katayuanang exempted sa pagbubuwis nang hindi lalampas sa 180 araw ang nakalilipas |
| (3) Ang entidad ay isang politikal na organisasyon, gaya ng tinukoy sa seksyon 527(e)(1) ng Code, na exempted sa pagbubuwis sa ilalim ng seksyon 527(a) ng Code . |
| (4) Ang entidad ay isang trust na inilarawan sa talata (1) o (2) ng seksyon 4947(a) ng Code . |

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang mga checklist para sa eksemasyong ito (tingnan ang eksemasyon #19) at para sa mga karagdagang eksemasyon sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Kabanata 1.2, “Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?”).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

L.2. Ano ang mga pamantayan para sa eksemasyon ng hindi aktibong entidad mula sa kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Ang entidad ay kwalipikado para sa eksemasyon ng hindi aktibong entidad kung nalalapad ang **lahat ng anim** na sumusunod na pamantayan:

- | |
|---|
| (1) Umiiral na ang entidad noong Enero 1, 2020 o bago pa man ang petsang ito. |
| (2) Walang aktibong negosyo ang entidad. |
| (3) Hindi pag-aari ng isang dayuhan ang entidad, direkta man o hindi direkta, ganap man o bahagya lang. Ang “dayuhan” ay nangangahulugan na isang taong hindi taga-Estados Unidos. Ang taong taga-Estados Unidos ay tinukoy sa seksyon 7701(a)(30) ng Internal Revenue Code ng 1986 bilang isang mamamayan o residente ng Estados Unidos, lokal na partnership at korporasyon, at iba pang estado (estates) at trust. |
| (4) Ang entidad ay hindi nakaranas ng anumang pagbabago sa pagmamay-ari sa naunang labindalawang buwan. |
| (5) Hindi nakapagpadala o nakatanggap ang entidad ng anumang pondong nagkakahalaga ng higit sa \$1,000, direkta man o sa pamamagitan ng anumang pinansyal na account kung saan ang entidad o anumang nauugnay sa entidad ay nagkaroon ng interes, sa naunang labindalawang buwan. |
| (6) Ang entidad ay hindi humahawak ng anumang klase o uri ng asset, sa Estados Unidos man o sa ibang bansa, kabilang ang anumang interes sa pagmamay-ari sa anumang korporasyon, kompanyang may limitadong pananagutan, o iba pang katulad na entidad. |

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang mga checklist para sa eksemasyong ito (tingnan ang eksemasyon #23) at para sa mga karagdagang eksemasyon sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Kabanata 1.2, “Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?”).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

L.3. Ano ang mga pamantayan para sa eksemasyon ng subsidiary mula sa kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Ang mga subsidiary ng ilang uri ng entidad na exempted sa mga kinakailangang pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay maaari ring maging exempted sa kinakailangang pag-uulat.

Kwalipikado ang isang entidad para sa eksemasyon ng subsidiary kung naaangkop ang sumusunod:

Ang mga interes sa pagmamay-ari ng entidad ay kontrolado o ganap na pag-aari, direkta man o hindi direkta, ng **alinman** sa mga ganitong uri ng mga exempted na entidad:

- Securities reporting issuer;
- Awtoridad sa pamahalaan;
- Bangko;
- Credit union;
- Holding company na institusyon para sa deposito;
- Broker o dealer sa mga security;
- Securities exchange o clearing agency;
- Iba pang nakarehistrong entidad ng Exchange Act;
- Kompanya ng investment o tagapayo para sa investment;
- Venture capital fund adviser;
- Kompanya ng insurance;
- Insurance producer na lisensyado ng estado;
- Nakarehistrong entidad ng Commodity Exchange Act;
- Accounting firm;
- Pamublikong utility;
- Financial market utility;
- Entidad na hindi binubuwisan; o
- Malaking operating company.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang mga kahulugan ng mga exempted na entidad na nakalista sa itaas at ang checklist para sa eksemasyong ito (tingnan ang eksemasyon #22). Kabilang din sa Gabay ng FinCEN ang mga checklist para sa mga karagdagang eksemasyon sa mga kinakailangang pag-uulat (tingnan ang Kabanata 1.2, “Exempted ba ang aking kompanya sa mga kinakailangang pag-uulat?”).

[Inisyu noong Setyembre 18, 2023]

L.4. Kung nagmamay-ari ako ng grupo ng nauugnay na kompanya, puwede ko bang pagsama-samahin ang mga empleyado sa lahat ng kompanya upang matugunan ang mga pamantayan ng eksemsyon ng malaking operating company mula sa kahulugan ng kompanyang naghahain ng ulat?

Hindi. Kinakailangan sa eksemsyon ng malaking operating company na ang entidad mismo ay may higit sa 20 full-time na empleyado sa Estados Unidos at hindi pinahihintulutan ang pagsama-sama ng bilang ng empleyado nito sa maraming entidad.

Kabilang sa [*Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad*](#) ing FinCEN ang checklist para sa eksemsyong ito (tingnan ang eksemsyon #21).

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

L.5. Paano nag-uulat ang kompanya sa FinCEN na ang kompanya ay exempted?

Hindi kailangang mag-ulat sa FinCEN ng isang kompanya na ito ay exempted sa mga kinakailangang pag-uulat ng BOI kung palagi itong exempted.

Kung naghain ng ulat ng BOI ang isang kompanya at naging kwalipikado kalaunan para sa isang eksemsyon, dapat maghain ang kompanyang iyon ng na-update na ulat ng BOI upang isaad na ito ay bago lang naging exempted sa mga kinakailangang pag-uulat. Ang mga na-update na ulat ng BOI ay inihain sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng ligtas na filing system. Sa isang na-update na ulat ng BOI para sa entidad na bago lang naging exempted, kailangan lamang na ang entidad ay: (1) tukuyin ang sarili nito; at (2) lagyan ng tsek ang kahon na nagsasaad ng katayuan nito na bago lang naging exempted.

[Inisyu noong Nobyembre 16, 2023]

L.6. Kwalipikado ba ang isang subsidiary na ang mga interes sa pagmamay-ari ay bahagyang kontrolado ng isang exempted na entidad para sa eksemsyon ng subsidiary?

Hindi. Kung kinokontrol ng isang exempted na entidad ang ilan sa ngunit hindi lahat ng interes sa pagmamay-ari ng subsidiary, hindi kwalipikado ang subsidiary. Para maging kwalipikado, ang mga interes sa pagmamay-ari ng isang subsidiary ay dapat na ganap na 100 porsiyentong pagmamay-ari o kontrolado ng isang exempted na entidad.

Ang isang subsidiary na ang mga interes sa pagmamay-ari ay kontrolado o ganap na pagmamay-ari, direkta o hindi direkta, ng ilang mga entidad na hindi kasali sa mga kinakailangan sa pag-uulat ng BOI. Sa kontekstong ito, ang kontrol sa mga interes ng pagmamay-ari ay nangangahulugan na ganap na kinokontrol ng exempted na entidad ang lahat ng interes sa pagmamay-ari sa kompanyang naghahain ng ulat, sa parehong paraan na dapat ganap na nagmamay-ari ang isang exempted na entidad ng lahat ng interes sa pagmamay-ari ng isang subsidiary para mailapat ang eksemsyon.

[Inisyu noong Enero 12, 2024]

L.7. Kung ang laki ng isang kompanyang naghahain ng ulat ay nagbabago sa itaas at sa ibaba ng isa sa mga limitasyon para sa eksemsyon ng malaking operating company, kailangan ba ng kompanyang naghahain ng ulat na maghain ng ulat ng BOI?

Oo. Kakailanganin ng kompanya na maghain ng ulat ng BOI kung hindi nito natutugunan ang kahulugan ng isang kompanyang naghahain ng ulat at hindi nakakatugon sa pamantayan para sa eksemsyon ng malaking operating company (o anumang iba pang eksemsyon). Kung naghain ang kompanya ng isang ulat ng BOI at pagkatapos ay naging exempted bilang isang malaking operating company, dapat maghain ang kompanya ng isang “bagong exempted na entidad” na ulat ng BOI sa FinCEN na nagsasaad na exempted na ngayon ang kompanya. Kung sa ibang araw hindi na nakakatugon ang kompanya sa pamantayan para sa eksemsyon ng malaking operating company o anumang iba pang eksemsyon, ang kompanyang naghahain ng ulat ay dapat maghain ng na-update na ulat ng BOI sa FinCEN. Dapat isumite ang mga na-update na ulat sa FinCEN sa loob nang 30 araw ng kalendaryo pagkatapos mangyari ang pagbabago.

Upang maging kwalipikado para sa eksemsyon ng malaking operating company, dapat may higit sa 20 full-time na empleyado sa Estados Unidos ang isang entidad, dapat naghain ng Pederal na buwis sa kita o information return sa Estados Unidos sa nakaraang taon na nagpapakita ng higit sa \$5,000,000 ng kabuuang resibo o benta, at dapat mayroong operating presence sa isang pisikal na tanggapan sa Estados Unidos.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

L.8. Kasama ba ang mga serbisyo ng telekomunikasyon sa eksemsyon ng pampublikong utility sa mga iniaatas sa pag-uulat?

Isinasaad ng mga regulasyon ng FinCEN na ang entidad na isang kinokontrol na pampublikong utility gaya ng tinukoy sa 26 USC 7701(a)(33)(A) at nagbibigay ng mga serbisyo ng telekomunikasyon, kuryente, natural gas, o tubig at serbisyo para sa daluyan ng mga dumi sa loob ng Estados Unidos ay hindi kinakailangang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari nito sa FinCEN. Kasama sa naturang exempted na kinokontrol na mga pampublikong utility ang isang korporasyon na nakikibahagi sa pagbibigay o pagbebenta ng mga serbisyo sa telepono o telegraph kung ang mga rate para sa naturang pagbibigay o pagbebenta ay nakakatugon sa mga kinakailangan sa 26 USC 7701(a)(33)(A), gaya ng tinukoy sa 26 USC 7701 (a)(33)(D).

[Inisyu noong Hunyo 10, 2024]

L.9 Kwalipikado ba ang isang kompanya para sa eksemsyon ng malaking operating company kung hindi pa nito naihain ang Pederal na buwis sa kita o information return nito para sa nakaraang taon?

Tinukoy ng Corporate Transparency Act (CTA) na maaaring maging kwalipikado ang isang kompanya para sa eksemsyon ng malaking operating company batay sa isang Pederal na kita sa buwis o information return na inihain “sa” nakaraang taon, habang ang mga regulasyon ng FinCEN ay tumutukoy sa buwis o mga information return na inihain “para” sa nakaraang taon. Hanggang sa hindi naihain sa

nakaraang taon ang isang buwis o information return para sa nakaraang taon (hal., dahil hindi naghain ang isang kompanya ng return nito para sa nakaraang taon sa panahon na kinakailangang iulat ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, o dahil ang return na inihain sa nakaraang taon ay para sa isang nakaraang taon), dapat gamitin ng isang kompanya ang return na inihain sa nakaraang taon para sa layunin ng pagtukoy ng kwalipikasyon nito para sa eksemsyon. Kung ang isang kompanyang umaasa sa eksemsyon na ito ay maghahain ng buwis sa kita na nagpapakita ng mas mababa sa \$5 milyon ng kabuuang benta o resibo, at hindi na ito kwalipikado para sa eksemsyon ng malaking operating company o anumang iba pang eksemsyon, mayroon itong 30 araw mula sa petsa ng tax return para maghain ng paunang ulat ng BOI. Dapat magpakita ang Pederal na buwis sa kita o information return ng higit sa \$5,000,000 sa kabuuang resibo o benta, gaya ng iniulat bilang kabuuang resibo o benta (mga net return at allowance) sa IRS Form 1120 ng entidad, pinagsama-samang IRS Form 1120, IRS Form 1120-S, IRS Form 1065, o iba pang naaangkop na IRS form, hindi kasama ang kabuuang resibo o benta mula sa mga pinagmumulan sa labas ng Estados Unidos, gaya ng tinutukoy sa ilalim ng mga prinsipyo ng Pederal na buwis sa kita.

[Inisyu noong Hunyo 10, 2024]

M. FinCEN Identifier

M.1. Ano ang FinCEN identifier?

Ang “FinCEN identifier” ay isang natatanging numero ng pagkakakilanlan na ibibigay ng FinCEN sa isang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat kapag hiniling pagkatapos magbigay sa FinCEN ang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat ng partikular na impormasyon. Ang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat ay maaari lamang tumanggap ng isang FinCEN identifier.

Kabilang sa [Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad](#) ng FinCEN ang mga karagdagang impormasyon sa mga FinCEN identifier sa Kabanata 4.3, “Ano ang FinCEN identifier at paano ko ito magagamit?”

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

M.2. Paano ko magagamit ang FinCEN identifier?

Kapag nakakuha ng FinCEN identifier ang isang nakikinabang na may-ari o aplikante ng kompanya, maaaring iulat ng mga kompanyang naghahain ng ulat ang FinCEN identifier ng indibidwal na iyon sa lugar kung saan kinakailangan ang personal na impormasyon ng indibidwal sa pag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

Maaaring iulat ng isang kompanyang naghahain ng ulat ang FinCEN identifier at buong legal na pangalan ng isa pang entidad bilang kapalit ng impormasyon tungkol sa mga nakikinabang na may-ari nito kapag natugunan ang tatlong kundisyon: (1) nakakakuha ang ibang entidad ng FinCEN identifier at ibinibigay ito sa kompanyang naghahain ng ulat; (2) may hawak na mga interes ang mga nakikinabang na may-ari sa kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng mga interes sa pagmamay-ari sa ibang entidad; at (3) ang mga nakikinabang na may-ari ng

kompanyang naghahain ng ulat at ang iba pang entidad ay ang parehong mga indibidwal.

[Na-update noong Enero 12, 2024]

M.3. Paano ba humiling ng FinCEN identifier?

Maaaring humiling ang mga indibidwal ng FinCEN identifier simula Enero 1, 2024, sa pamamagitan ng pagkumpleto sa elektronikong form sa website sa <https://fincenid.fincen.gov>. Kakailanganing ibigay ng mga indibidwal ang kanilang buong legal na pangalan, petsa ng kapanganakan, address, natatanging numero ng pagkakakilanlan at ang nag-isyung hurisdiksyon mula sa tinatanggap na dokumento ng pagkakakilanlan, at larawan ng dokumento ng pagkakakilanlan. Pagkatapos isumite ng isang indibidwal ang impormasyong ito, agad silang makakatanggap ng natatanging FinCEN identifier.

Maaaring humiling ang mga kompanyang naghahain ng ulat ng isang FinCEN identifier sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa kahon na nasa ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari kapag naisumite. Pagkatapos magsumite ng ulat ang kompanyang naghahain ng ulat, agad na makakatanggap ang kompanya ng natatanging FinCEN identifier. Kung nais ng isang kompanyang naghahain ng ulat na humiling ng FinCEN identifier pagkatapos magsumite ng paunang ulat ng nakikinabang na may-ari nito, maaari itong magsumite ng na-update na ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na humihiling ng FinCEN identifier, kahit na hindi na kailangang i-update ng kompanya ang impormasyon nito.

[Na-update noong Enero 4, 2024]

M.4. Kailangan ba ang mga FinCEN identifier?

Hindi. Ang indibidwal o kompanyang naghahain ng ulat ay hindi kailangang magkaroon ng FinCEN identifier.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

M.5. Kailangan ko bang i-update o iwasto ang impormasyon na aking isinumite para makakuha ng FinCEN identifier?

Oo. Dapat i-update o iwasto ng mga indibidwal ang impormasyon sa pamamagitan ng aplikasyon para sa FinCEN identifier na ginagamit din para humiling ng FinCEN identifier.

- Dapat iulat ng mga indibidwal ang anumang pagbabago sa impormasyong isinumite nila upang makakuha ng FinCEN identifier nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa kung kailan naganap ang pagbabago.
- Kung mayroong anumang pagkakamali sa impormasyong ito, dapat iwasto ng indibidwal ang impormasyon nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa na nalaman ng indibidwal ang pagkakamali o may dahilan para malaman ito.

Ang mga kompanyang naghahain ng ulat na may FinCEN identifier ay dapat i-update o iwasto ang impormasyon ng kompanya sa pamamagitan ng paghahain

ng na-update o iniwastong ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, kung naaangkop.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

M.6. Mayroon bang anumang paraan para i-deactivate ang hindi na ginagamit na FinCEN identifier ng indibidwal upang hindi na kailangang i-update ng indibidwal ang impormasyong nauugnay dito?

Aktibong sinusuri ng FinCEN ang mga opsyon para pahintulutan ang mga indibidwal na i-deactivate ang FinCEN identifier upang hindi na nila kailangang patuloy na i-update ang pinagbabatayan ng personal na impormasyon. Magbibigay ang FinCEN ng karagdagang patnubay sa functionality na ito kapag nakumpleto na ang prosesong iyon.

[Inisyu noong Setyembre 29, 2023]

M.7. Sino ang maaaring humiling ng FinCEN identifier sa ngalan ng isang indibidwal?

Ang sinumang awtorisadong kumilos sa ngalan ng isang indibidwal ay maaaring humiling ng isang FinCEN identifier sa ngalan ng indibidwal sa o pagkatapos ng Enero 1, 2024.

Ibinibigay ang mga FinCEN identifier para sa mga indibidwal kapag hiniling pagkatapos maisumite ng humihiling na partido ang kinakailangang impormasyon. Ang pagkakaroon ng FinCEN identifier para sa isang indibidwal ay nangangailangan sa humihiling na partido na gumawa ng isang Login.gov account, na nauugnay sa indibidwal na tumatanggap ng FinCEN identifier. Dapat tiyakin ng mga indibidwal na nakatanggap ng FinCEN identifier na ang kanilang mga kredensyal sa pag-log in, kabilang ang email address at nauugnay na multi-factor na impormasyon na nauugnay sa kanilang Login.gov account, ay naka-save para sa pagsangguni sa hinaharap.

Kasama sa Gabay sa Pagsunod para sa Maliliit na Entidad ng FinCEN ang karagdagang impormasyon sa mga FinCEN identifier sa Kabanata 4.3 “Ano ang FinCEN identifier at paano ko ito magagamit?”

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

N. Mga Third-Party na Tagapagbigay ng Serbisyo

N.1. Puwede bang tulungan ng isang third-party na tagapagbigay ng serbisyo ang mga kompanyang naghahain ng ulat sa pamamagitan ng pagsusumite ng kinakailangang impormasyon sa FinCEN para sa kanila?

Oo. Ang mga kompanyang naghahain ng ulat ay maaaring gumamit ng mga third-party na tagapagbigay ng serbisyo para magsumite ng mga ulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Ang mga third-party na tagapagbigay ng serbisyo ay magkakaroon ng kakayahang magsumite ng mga ulat sa pamamagitan

ng BOI E-Filing website ng FinCEN o isang Application Programming Interface (API). Upang humiling ng mga teknikal na detalye ng API, gamitin ang form sa pakikipag-ugnayan ng FinCEN (<https://www.fincen.gov/contact>). Mangyaring gawin ang sumusunod kapag nagsusumite ng iyong katanungan: (1) piliin ang paksang nauugnay sa Nakikinabang na May-ari (Beneficial Ownership, BO) / Corporate Transparency Act (CTA); (2) piliin ang paksang nauugnay sa mga kahilingan sa API; (3) sa katawan ng mensahe, isaad ang katangian ng iyong katanungan na nauugnay sa API (hal., “Gusto kong suriin ang mga teknikal na detalye ng API,” “Gusto kong humiling ng access sa API,” atbp.).

[Na-update noong Enero 4, 2024]

N.2. Anong uri ng ebidensya ang matatanggap ng isang kompanyang naghahain ng ulat bilang kumpirmasyon na ang ulat ng BOI nito ay matagumpay na naihain ng isang third-party na tagapagbigay ng serbisyo?

Ang BOI E-Filing na application, na available simula Enero 1, 2024, ay nagbibigay ng pagkilala sa matagumpay o hindi matagumpay na pagsusumite, at maaaring makapag-download ang nagsumite ng transcript ng ulat ng BOI. Kakailanganin ng kompanyang naghahain ng ulat na kunin ang kumpirmasyong ito mula sa third-party na tagapagbigay ng serbisyo.

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

N.3. Makakapagsumite ba ang isang third-party na tagapagbigay ng serbisyo ng maraming ulat ng BOI sa FinCEN nang sabay-sabay?

Oo. Ang mga third-party na tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring makapagsumite ng maraming ulat ng BOI sa pamamagitan ng Application Programming Interface (API).

[Inisyu noong Disyembre 12, 2023]

O. Access sa Impormasyon Tungkol sa Nakikinabang na May-ari

O.1. Kailan magkakaroon ng access ang mga awtorisadong tatanggap ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Gagawa ng isang hakbang-hakbang (phased) na diskarte ang FinCEN sa pagbibigay ng access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari.

- Ang unang yugto, na inaasahang magsisimula sa tagsibol ng 2024, ay magiging isang pilot program para sa ilang user ng Pederal na ahensya.
- Ang ikalawang yugto, na inaasahan sa tag-araw ng 2024, ay magpapalawak ng access sa mga tanggapan ng Kabang-yaman at iba pang Pederal na ahensya na nakikibahagi sa pagpapatupad ng batas at mga aktibidad sa pambansang seguridad na mayroon nang mga memorandum ng pagkakaunawaan para sa access sa impormasyon ng Bank Secrecy Act.
- Ang ikatlong yugto, na inaasahan sa taglagas ng 2024, ay magpapalawak ng access sa mga karagdagang Pederal na ahensya na nakikibahagi sa pagpapatupad ng batas, pambansang seguridad, at mga aktibidad sa pangangalap ng impormasyon, gayundin sa mga partner sa pagpapatupad ng batas ng Estado, lokal, at Tribo.

- Ang ika-apat na yugto, na inaasahan sa taglamig ng 2024, ay magpapalawak ng access sa mga tagapamagitan ng Pederal na ahensya na may kaugnayan sa mga kahilingan ng dayuhang pamahalaan.
- Ang ikalimang yugto, na inaasahan sa tagsibol ng 2025, ay magpapalawak ng access sa mga pinansyal na institusyon na napapailalim sa mga kinakailangan ng due diligence ng customer sa ilalim ng naaangkop na batas at ng kanilang mga superbisor.

Kasalukuyang hindi tumatanggap ang FinCEN ng mga kahilingan para sa pag-access ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Magbibigay ang FinCEN ng karagdagang gabay sa kung paano humiling ng access sa hinaharap.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

0.2. Nagtatrabaho ako sa isang Pederal na ahensya. Paano ako maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa FinCEN?

Awtorisado ang FinCEN na isiwalat ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa mga Pederal na ahensya na nakikibahagi sa mga aktibidad ng pambansang seguridad, pangangalap ng impormasyon, o pagpapatupad ng batas gayundin ang mga ahensya ng Pederal na regulasyon na nangangasiwa sa mga pinansyal na institusyon para sa pagsunod sa mga kinakailangan sa due diligence ng customer. Upang humiling ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa FinCEN, kakailanganin muna ng naturang mga Pederal na ahensya na pumasok sa isang memorandum ng pagkakaunawaan sa FinCEN na naglalarawan kung paano poprotektahan ng ahensya ang seguridad at pagiging kumpidensyal ng impormasyon. Magiging available ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagpasok sa naturang memorandum kapag naging kwalipikado ang iyong ahensya na makakuha ng access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa ilalim ng hakbang-hakbang (phased) na timeline ng pagpapatupad (tingnan ang Tanong O.1).

Samantala, hinihikayat namin ang mga ahensyang interesado sa pag-access sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari na suriin ang Pag-access sa Impormasyon Tungkol sa Nakikinabang na May-ari at Alituntunin sa Mga Pangangalaga at maging pamilyar sa mga kinakailangan ng alituntuning ito para sa mga ahensyang nag-a-access ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari. Mangyaring tingnan ang Tanong O.5 para sa karagdagang impormasyon.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

0.3. Aling mga ahensya ng estado ang maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa FinCEN?

Ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas ng estado, lokal, at Tribo—ibig sabihin, ang mga ahensya ng gobyerno na pinahintulutan ng batas na makibahagi sa pagsisiyasat o pagpapatupad ng mga sibil o kriminal na paglabag sa batas—ay maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa FinCEN sa ilang partikular na sitwasyon. Gayunpaman, ang isang ahensyang

nagpapatupad ng batas ng Estado, lokal, o Tribo, ay maaari lamang humiling ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa FinCEN kung pinahintulutan ng isang “hukuman ng karampatang hurisdiksyon” na hanapin ang impormasyon sa isang kriminal o sibil na pagsisiyasat. Dapat ding matugunan ng ahensyang nagpapatupad ng batas ng estado, lokal, o Tribo ang ilang partikular na ibang kinakailangan sa pag-access, kabilang ang pagpasok sa isang memorandum ng pagkakaunawaan sa FinCEN na naglalarawan kung paano poprotektahan ng ahensya ang seguridad at pagiging kumpidensyal ng impormasyon.

Bukod pa rito, ang mga ahensya ng regulasyon ng estado na nangangasiwa sa mga pinansyal na institusyon para sa pagsunod sa mga kinakailangan sa due diligence ng customer ay maaari ring humiling ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa FinCEN upang magsagawa ng naturang pangangasiwa. Tulad ng ibang lokal na ahensya ng pamahalaan, upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa FinCEN, dapat ding pumasok ang mga ahensya ng regulasyon ng estado sa isang memorandum ng pagkakaunawaan sa FinCEN na naglalarawan kung paano poprotektahan ng ahensya ang seguridad at pagiging kumpidensyal ng impormasyon.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

O.4. Maaari bang ma-access ng mga dayuhang pamahalaan ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Hindi direktang maa-access ng mga dayuhang pamahalaan ang IT system ng nakikinabang na may-ari—ang ligtas na system na ginagamit ng FinCEN para tumanggap at magtago ng BOI—ngunit maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari sa pamamagitan ng tagapamagitan na mga ahensyang Pederal. Maaaring humiling ang mga dayuhang pamahalaan ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari para sa isang pagsisiyasat sa pagpapatupad ng batas o pag-uusig, o para sa isang pambansang seguridad o aktibidad ng pangangalap ng impormasyon, na pinahintulutan sa ilalim ng mga batas ng dayuhang bansa. Mayroong dalawang magkaibang channel ng kahilingan na available sa mga dayuhang pamahalaan:

1. mga kahilingang ginawa sa ilalim ng isang internasyonal na treaty, kasunduan, o kombensiyon; o
2. mga kahilingang ginawa, kapag walang ganoong treaty, kasunduan, o kombensiyon na available, ng isang tagapagpatupad ng batas, hudisyal, o awtoridad ng pag-uusig ng isang dayuhang bansa na tinutukoy ng FinCEN, na may pagsang-ayon ng Kalihim ng Estado at sa konsultasyon sa Attorney General o iba pang ahensya kung kinakailangan at naaangkop, upang maging isang pinagkakatiwalaang dayuhang bansa.

Ang mga dayuhang kahilingan para sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay hindi pa pinoproceso.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

0.5. Paano dapat maghanda ang mga awtorisadong tatanggap na tanggapin, itago, at gamitin ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari?

Ang mga paghahandang kinakailangan para makatanggap, magtago, at gamitin ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay mag-iiba depende sa uri ng awtorisadong tatanggap. Ang mga interesado sa pag-access ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari ay dapat munang suriin ang Pag-access sa Impormasyon Tungkol sa Nakikinabang na May-ari at Alituntunin sa Mga Pangangalaga (at ang mga nauugnay na regulasyon sa 31 CFR 1010.955). Depende sa uri ng awtorisadong tatanggap, maaaring kabilang sa mga kinakailangan ang, ngunit hindi limitado sa, ahensya:

- pagtatatag ng mga pamantayan at pamamaraan para protektahan ang seguridad at pagiging kumpidensiyal ng natanggap na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari, kabilang ang mga pamamaraan para sa pagsasanay sa mga tauhan ng ahensya sa naaangkop na pangangasiwa at pag-iingat ng naturang impormasyon;
- pagbibigay sa FinCEN sa simula, at taun-taon pagkatapos noon, ng isang ulat na naglalarawan sa mga pamantayan at pamamaraan na ginagamit ng ahensya upang matiyak ang seguridad at pagiging kumpidensiyal ng anumang natanggap na impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari;
- pagbibigay sa FinCEN sa simula, at pagkatapos nito ay kalahating-taon, ng isang sertipikasyon ng pinuno ng ahensya, sa isang hindi maitatalagang batayan, na may mga pamantayan at pamamaraan ang ahensya na naaangkop sa pagpapatupad ng mga kinakailangan sa seguridad at pagiging kumpidensiyal;
- pagtatatag o pagtatalaga, sa kasiyahan ng FinCEN, ng isang ligtas na system para sa pagtatago ng BOI;
- pagtatatag at pagpapanatili ng isang permanenteng, naa-audit na system ng mga naka-standardize na talaan ng mga kahilingan ng ahensya para sa impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari kabilang ang, para sa bawat kahilingan, ang petsa ng kahilingan, pangalan ng indibidwal na gumawa ng kahilingan, ang dahilan ng kahilingan, anumang pagsisiwalat ng naturang impormasyon na ginawa ng o sa humihiling na ahensya, at iba pang impormasyon o mga sanggunian na kinakailangan upang muling buuin ang mga dahilan para sa kahilingan;
- pagsasagawa ng taunang internal na pag-audit upang i-verify na ang impormasyong nakuha mula sa FinCEN ay na-access at ginamit nang naaangkop at alinsunod sa mga itinatag na pamantayan at pamamaraan, na ibinibigay ang mga resulta ng pag-audit na iyon sa FinCEN kapag hiniling; at
- pakikipagtulungan sa taunang pag-audit ng FinCEN sa pagsunod ng mga ahensya sa mga kinakailangan sa seguridad at pagiging kumpidensiyal upang matiyak na hinihiling at ginagamit ng mga ahensya ang impormasyon nang naaangkop, kabilang ang agarang pagbibigay ng anumang impormasyong hinihiling ng FinCEN bilang suporta sa taunang pag-audit nito.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]

0.6. Bagama't ang mga pinansyal na institusyon na napapailalim sa mga kinakailangan sa due diligence ng customer ay kasalukuyang hindi kinakailangan upang ma-access ang beneficial ownership IT (BO IT) system, ano ang kasalukuyang mga inaasahan sa pangangasiwa kung pipiliin nilang i-access ang impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari mula sa BO IT system, kapag magiging available ang access sa kanila?

Inaasahan ng FinCEN ang pagpapalawak ng access sa BO IT system sa mga pinansyal na institusyon na napapailalim sa mga kinakailangan ng due diligence ng customer sa ilalim ng naaangkop na batas, kasama ang kanilang mga superbisor, sa tagsibol ng 2025. Nilalayon ng FinCEN na magbigay ng karagdagang patnubay tungkol sa anumang partikular na inaasahan sa pangangasiwa para sa mga pinansyal na institusyon na pinipiling i-access ang BO IT system bago ang mga institusyong iyon na makatanggap ng access sa system.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Interagency Statement para sa Mga Bangko sa Pagbibigay ng Alituntunin sa Pag-access ng Impormasyon Tungkol sa Nakikinabang na May-ari at ang Statement para sa Mga Pinansyal na Institusyon na Hindi Bangko sa Pagbibigay ng Alituntunin sa Pag-access ng Impormasyon Tungkol sa Nakikinabang na May-ari.

[Inisyu noong Abril 18, 2024]